


# MGA DESPERASYON

 Manatili tayong nakatayo ngayon na ating iyuko ang ating mga ulo. Panginoong Jesus, kami ay nananampalataya lamang. Iyong sinabi sa amin na manampalataya lamang, at kami ay nananampalataya ngayon. At ibinibigay namin sa Iyo ang mga pasasalamat at papuri para sa aming narinig na at nakita, na nag-angkla sa aming pananampalataya. Kami ay nagpapasalamat sa Iyo para sa panibagong pagkakataon na pumarito upang maglingkod sa kanila na mga nangangailangan. Ngayon aking dalangin sa Iyo, Diyos, na katagpuin ang aming mga pangangailangan ngayong gabi ayon sa Iyong pangako. Sa Pangalan ni Jesus aming hinihiling ito. Amen.

<sup>2</sup> Kami ay lubos na nagagalak ngayong gabi para sa pribilehiyong ito sa pagbabalik sa tabernakulo muli, upang—upang. . . taglay ang Ebanghelyo ng muling nagbangong Panginoong Jesus. At ako ay medyo nahuli ng kaunti. Ako ay mayroong isang espesyal na madaliang kaso mula sa Michigan ngayon lang. At ang Panginoon ay gumawa ng isang bagay na kagila-gilalas noon din para sa kaniya. Naku, paanong nalalaman Niya ang lahat ng bagay at inilapag lamang ito. . . Hindi na kailangang sabihin sa Kaniya; nalalaman Niya, Kaniyang nalalaman kung ano ito. At kaya tayo’y lubos na nagpapasalamat. Ang mga tao ay nagbiyahe buong araw upang pumarito. At, kung gayon, tayo’y lubos na nagpapasalamat para diyan. Ngayon, huwag kaligtaan ang. . .

Ang teyp na ito ba ay gumagana? [Sinabi ni Kapatid na Neville na, “Iyan ang swits para sa ilaw doon.”—Ed.] Oh, swits sa ilaw. Naunawaan ko.

Huwag kaligtaan ang—ang mga gawain nitong darating na sanlinggo, Miyerkules ng gabi, at susunod na Linggo ng umaga, at Linggo ng gabi. Kung kayo’y nasa paligid, sa kalapit-bahay, alam ko na sila’y tiyak na magagalak na makasama kayo dito.

At ngayon, ipanalangin ako, sa aking paghayo sa aking daan kahit saan, at ako ay umaasa na muling makabalik kaagad.

<sup>3</sup> Nais kong pasalamat kayong lahat sa inyong kabutihang-loob at mga alaala sa inyong nagawa para sa akin. At isang kapatid na lalaki ay pinadalhan ako ng isang bagong terno ng mga damit mula doon sa isang munting iglesya sa Georgia. At—at silang mga tao. . . Ito’y sadyang kahanga-hanga. At nais kong pasalamatang yaong mga taong mula doon sa Kentucky, na kasama ko noong nakaraang sanlinggo sa bakasyon. At lahat ng ginawa sa amin ng Panginoon doon, dakila, makapangyarihang kamay na aming nakita Siya, kung ano ang Kaniyang ginawa.

<sup>4</sup> Ngayon kami'y nagtitiwala na kayo ay makitang muli sa madaling panahon, kapagka ako'y nakabalik kaagad sa direksiyong ito, papunta sa New York para sa gawain. Iya'y sa Stone Church kasama si Kapatid na Vick, simula, naniniwala ako ito'y ika-labingdalawa ng Nobyembre. At kami'y darating rito, ilang mga araw bago ang panahong iyon.

Pagkatapos kami ay magdaraan pabalik muli, papunta sa—sa doon sa Shreveport, Louisiana, kasama si Kapatid na Jack Moore. Iya'y sa Pasasalamat, linggo ng Pasasalamat, na magaganap doon sa Shreveport. Ito'y naroon sa bulitin bord, palagay ko, doon sa mga paanunsiyo.

<sup>5</sup> At pagkatapos kami'y umaasa na makakasama ng ilang mga kaibigan na taga-Timog pagkatapos ng Pasko. At kami'y pupunta sa Phoenix sa Enero. At pagkatapos maghihintay para sa tawag sa ibayong-dagat, upang aming maihanda ang mga pagtitipon para sa ibayong-dagat. Sila'y gumagawa na sa kanila ngayon, nitong nakaraang buwan, si Kapatid na Borders, ay sumusulat pabalik-balik, mula sa isang kumpletong paglilibot sa buong mundo upang pasimulan kapagka ito'y aming maihanda kaagad, ngunit kami ay kailangang maghintay para sa mga kondisyon.

<sup>6</sup> Ang mga tao doon ay napaka rami, hindi namin sila mailagay sa loob ng mga gusali; kailangangpaupuin na lamang sila doon sa lupa. At pagkatapos kung minsan sila ay nagtatakbuhan, ito'y halos di-kapani-paniwala ang mga bilang, magka-minsan ay kasing dami ng limang daang libo. Iya'y kalahati ng isang milyong katao sa isang minsanang pagtitipon; hindi kung gaano karami ang mga dumalo sa pagtitipon sa maraming mga araw, kundi isang pagtitipon. Alam n'yo, kadalasan ang mga ebangelista ay binibilang kung gaano karaming mga tao ang dumalo sa loob ng mga anim na linggo. Nakita n'yo? Subali't kami—aming binilang kung gaano karami ang naroon sa araw lamang na iyon, ang isang pagkakataong iyon. At kaya kung minsan walang lugar para paupuin sila, alam n'yo, basta't ilagay lamang sila doon sa lupa.

At kailangan naming itaon sa mga panahon kung saan ito'y hindi umuulan at bumubuhos ang ulan. At ang mga kaawa-awang mga taong yaon ay nakaupo doon. . . ako'y nakakita ng mga kababaihang naupo roon na ang kanilang mga buhok ay lumulugay pababa, mga taong nakabihi ng maayos, at basta-basta naupo na lamang doon sa ulan na iyon buong araw. Basta't naupo doon, at ito'y sadyang bumubuhos, at kumukulog, at kumikidlat, at ang mga malakas na hangin ay umiihip, at sila ay nagsisiksikan lamang pabalik-balik sa isa't-isa tulad niyan, nauupo mismo doon, naghihintay hanggang sa ikaw ay dumating upang manalangin para sa kanila. Kita n'yo? Ngayon, alam n'yo ang Diyos ay iginagalang ang ganoong pananampalatayang tulad niyan. Ginagawa Niya.

7 Kayo'y dapat na gumawa ng ilang bagay para igalang ng Diyos. Nakita n'yo? Inyong ipakita sa Kaniya. Ang mga tao na ang lahat ng mga bagay ay naiabot sa kanila ng napakadali, kadalasan sila ay hindi...Sila—sila'y walang ginagawang anuman para dito, kita n'yo. Kayo ay dapat na... Ang kaloob ay walang bayad, iyan ay totoo, subali't kayo'y—kayo'y dapat na...

8 Ito ay parang tulad niyan, alam n'yo, tulad ng kanilang sinasabi, “Kung ikaw ay ipinanganak na may isang kutsarang pilak,” inyong narinig iyan, “hindi mo pinahalalagan.” Subalit kapag ito ay iyong pinagsumikapan, iyong pinahalalagan ang kahalalagan nito.

9 Ngayon kayong mga tao sa mga teyp doon, nais ko na— na... palagay ko ngayon ako...

Kaninang umaga, ang mensahe kaninang umaga ay, sa akin, ang pinaka mahalagang Mensahe ng aking buong ministryo; kaninang umaga, kita n'yo, isang pinaka mahalagang Mensahe ng aking buong ministryo. Balang araw aking sasabihin sa inyo kung papaano ito dumating. At alam ko na ang lahat ng bagay ay gumugol ng mga buwan at mga buwan at mga buwan, hanggang sa isang Mensaheng iyan, kumikilos hanggang sa makarating sa dakong iyon. Iyan ang panahon na pagtatakip niyan, kita n'yo. At ito'y isang...

10 Ngayon ako'y tiyak, o umaasa, na inyong naunawaan kung ano ang ibig sabihin ng Tanda. Nakita n'yo? Ang Tanda ay ang palatandaan na ang Dugo ay naipahid na. Na, ang halaga na nahiling, hiniling ng Diyos, binayaran ni Jesus ang halagang iyan sa pamamagitan ng pagbububo ng Kaniyang Sariling Dugo. Ginawa Niya iyan. Pagkatapos, mula sa Kaniyang buhay ay dumating ang Banal na Espiritu. At kapag ang Dugo ay naipahid sa inyo, ang Banal na Espiritu ay isang Tanda na ang inyong halaga ay nabayaran na; ang Diyos ay tinanggap kayo, at iyan ang Tanda. Alalahanin, iyan ay ang Tanda. Ngayon, mayroong maraming mga tao na hindi, sila—hindi nila alam kung ano ang Tanda na iyan, kita n'yo. At kailangan ninyong gawin ito na para bang walang nakakaalam nito, kita n'yo, upang silang lahat ay makamtan ito.

11 Sadyang gaya ng pangangaral ng kaligtasan, kailangan nating ipangaral ang kaligtasan sa paraan na ang lahat, ito'y para sa lahat, na, nalalaman natin na ito'y hindi. Kailangan nating ipangaral ang Maka-Diyos na pagpapagaling para sa lahat, gayon ma'y nalalaman natin na ito ay hindi. Kita n'yo? Si Jesus ay dumating upang iligtas yaong mga nasa Aklat ng Katubusan bago pa itinatag ang sanglibutan. Siya ay naparito lamang upang iligtas ang mga iyon. Sino sila, hindi ko alam. Kita n'yo? Ngunit kayo... Walang sinomang magkakaroon ng pananampalataya malibang inyong sabihin na ito'y para sa

sinoman; at ito nga, walang sinomang makalalapit malibang ang Diyos ang tumawag sa kanila. Iyan ay totoo. Kaya maraming mga tao na hindi maliligtas. Alam natin ang tungkol diyan. Sila, bueno, alam ng Diyos iyan bago pa ang sanglibutan nagsimula, na sila ay hindi maliligtas.

<sup>12</sup> Mayroong marami na hindi mapagagaling, kita n'yo, marami ang hindi gagaling. Sadyang hindi nila, hindi nila maunawaan ito. Hindi nila alam kung ano ito. Marami ang magiging gayon. Subali't ating ipinangangaral ito na ito'y para sa lahat, sapagka't hindi natin kilala kung sino ang taong iyan; sadyang hindi natin kilala. Ngunit iyan ay isang sinoman, subali't ilang mga tao ay sadyang hindi maunawaan ang pananampalatayang iyan.

<sup>13</sup> Ngayon, at ganoon din ang tungkol sa Tandang ito. Ang Tanda, tayo ay nangusap tungkol sa Tanda ng lubusan sa buonh kahabaan nito, subali't ngayon ay ang pagpapahayag ng Tanda. Nakita n'yo?

<sup>14</sup> Ngayon, minsan atin itong pinahintulutan. Ang mga Lutheran pinahintulutan ito na, "Pagtanggap sa Salita; pagtanggap kay Kristo bilang personal na Tagapagligtas." Ang sabi ng mga Metodista, "Kapag ikaw ay lubos na nagalak upang sumigaw, Iyan na nga." Ang mga Pentecostal ay nagsasabi, "Magsalita sa mga wika, kung gayon ay taglay mo na Ito." At nasumpungan natin na ang lahat ng ito ay mali. Kita n'yo?

Ang Tanda ay ang Tanda. Ito'y ikaw at si Kristo bilang mga persona na magkasama. Kita n'yo? Ito'y ang Banal na Espiritu, ang Kaniyang Buhay sa inyo, ginagawa ang Kaniyang—Kaniyang Sariling Buhay sa pamamagitan ninyo. At ito'y para sa mayaman, sa mahirap, o para sa sinomang nais tanggapin Ito. Ngayon alalahanin, ang Tanda ay kung ano ang inyong . . .

<sup>15</sup> Kayo ay magpunta sa kompanya ng tren at kayo magbayad ng inyong pasahe. Mayroong isang presyo, halaga. Sabihing ito ay nagkakahalaga ng singkuwenta sentimos upang sakyan itong—itong hanay ng, o ang riles ng tren, mula rito hanggang—hanggang Charlestown, Indiana, nagkakahalaga ng singkuwenta sentimos. Buweno, ngayon, ang kompanya ay magbibigay ng mga tanda upang sa gayon . . . Kita n'yo? Ngayon, ang bagay na inyong gagawin, kayo ay paroroon at mayroong magbabayad ng inyong pasahe, singkuwenta sentimos. Bibigyan nila kayo ng isang tanda na magbibigay sa inyo ng karapatan sa tren na iyan hanggang sa destinasyon nito, saan man magpunta ang tren na iyan. Kita n'yo? Nagbibigay ito sa inyo. . . Iya'y isang tanda.

<sup>16</sup> Ngayon, sa kasong ito, ang dugo ang siyang tanda. Sa literal, ito ay dapat na maipahid, sapagka't ang kimika lamang ang tanging mayroon sila, sapagka't ito ay dugo ng isang kordero, isang hayop, dugo ng isang kordero. Kaya ang buhay na nasa

dugo, ang buhay na lumabas, kaya ang dugo ay nabubo. Kita n'yo? Ang buhay ay lumabas, subali't ito ay hindi makababalik sa mananampalataya, sapagka't ito'y isang hayop. Ngunit ito ay nangungusap lamang ng isang mabuting budhi, na mayroong darating na Iisa, isang sakdal na Hain.

At, upang gawin ito na Isang sakdal, ang buong Hukom, ang Diyos ng Sangkalangitan, ay naging ang Hain; Hukom, Hurado, at Abogado. Kita n'yo? Siya ay naging ang Hain. At pagkatapos nang ang Kaniyang Buhay ay lumabas, na siyang Diyos. . . At ang salita doon, kung saan ito ay nagmula, "At bibigyan Ko sila ng Buhay na Walang-Hanggan." Ngayon, sa Griyego. . . alam ko na ako ay nangungusap sa mga iskolar. Nakikita ko ang dalawa o tatlo. Kita n'yo? At ako. . . At ang salita sa Griyego doon, ay Zoe. Z-o-e, sa Griego, na nangangahulugang, "Sariling Buhay Ng Diyos." "At akin siyang bibigyan ng Zoe, Aking Sariling Buhay." Si Cristo at ang Diyos ay lisa.

<sup>17</sup> Kung gayon, ang Buhay na na kay Cristo ay ang Banal na Espiritu, hindi ang ikatlong Persona; kundi ang siya ring Persona, na nasa anyo ng Banal na Espiritu, darating sa inyo, bilang isang Tanda na ang inyong buhay at inyong pasahe ay bayad na, kayo ay tinanggap. Hanggang ang tanda na iyan ay dumating, kayo'y hindi pahihintulutan sa daan, kayo'y hindi pahihintulutan sa. . . doon sa—sa bus; hindi kayo pahihintulutan na pumasok hanggang sa inyong maipakita ang tanda na ito, at ang tanda na iyan ay inyong pasahe. At ngayon Ito ay nagpapakita na ang Dugo ay nabubo at naipahid na sa inyo, ang halaga ay naipahid na sa inyo, at inyong taglay ang Tanda na ang Dugo ay naipahid sa inyo at kayo'y tinanggap. Naunawaan ito ngayon? [Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Oh, naku! Oh!

<sup>18</sup> Ngayon—ngayon, sadyang walang ano mang tiyak na katibayan. Kita n'yo? Inyong sasabihin, "Kapatid na Branham," nararamdaman ko ito sa inyong mga kaisipan, kita n'yo, "bakit ko malalaman?"

Tingnan, ano kayo noon, at ano kayo ngayon? Doon ninyo ito malalaman. Nakita n'yo? Ano kayo noon bago ang Tanda na ito ay naipahid? Ano kayo pagkatapos na Ito'y maipahid? Ano ba ang inyong mga hangarin noon, at ano ang inyong mga hangarin pagkatapos? Kung gayon malalaman ninyo kung ang Tanda nga ay naipahid o hindi. At ang ibang mga bagay na ito ay sadyang kusang sasama Diyan. Kita n'yo?

<sup>19</sup> Ito—ito ay hindi gaya ng pangungusap ang tungkol dito, at sabihin, "Ang mga wika ang siyang katibayan." Ngayon, ako'y papasan, bibili ng isang pares ng sapatos, ang dila ay hindi ang sapatos. Ito ay sadyang kasama sa sapatos, kita n'yo. Ito ay sadyang kasama sa sapatos. Kita n'yo? Ngayon, ganoon ding bagay ang Tanda. Ang Tanda ay si Cristo. Ngunit ang pagasalita

ng mga wika, at pagpapalayas ng mga diablo, at paggawa ng mga bagay na iyon, at pangangaral, at anopaman, ay siyang katibayan Ito'y naroroon, totoo, subali't ito'y—ito'y hindi Iyon. Kita n'yo, ito'y isang kaloob Nito. Kung aking sinabi sa inyo iyan. . .

<sup>20</sup> Inyong sasabihin, “aking—aking nais ka, Kapatid na Branham,” at binigyan ko kayo ng isang kaloob, kita n'yo. S'ya, iya'y hindi ako, iya'y aking kaloob.

Ang mga wika ay isang kaloob ng Banal na Espiritu, hindi ang Banal na Espiritu; isang kaloob ng Banal na Espiritu.

<sup>21</sup> At ang diablo ay kayang gayahin ang alin man sa mga bagay na iyon, subali't siya ay hindi maaaring maging ang Banal na Espiritu. Kita n'yo? Magagawa niyang gayahin ang mga kaloob na ito, ngunit siya ay hindi maaaring maging ang Banal na Espiritu.

At ang Banal na Espiritu ay ang Tanda na ang Dugo ay naipahid na, sapagka't sinusundan Nito Dugo magmula pa sa Aklat ng Katubusan. Nakita n'yo ito? Iyan ang layunin Niya sa pagparito. Iyan ang Kaniyang sinundan sa bawat kapanahunan. Bawat kapanahunan ay sinundan Niya iyan, upang makita na Ito'y naipalabas, at sila ay hindi maaring masakdal kung wala tayo. At ngayon ang buong Banal na Espiritu ay dinadalaw ang Iglesya, ginagawa ang Diyos na nasa pantaong laman; tulad ng Kaniyang ginawa bago Sodoma, ang pagsusunog doon, na kung saan isang tipo. Noon, kay Abraham, Siya ay nagpakita sa kaniya.

<sup>22</sup> At lahat ng mga bagay na hindi Niya ginawa pababa sa buong mga kapanahunan, sa mga kapanahunan ng iglesya, ay Kaniya ngayon ginagawa. Pabalik sa Salita, sapagka't ang mga mensahe at ang mga mensahe at ang mga mensahe ay kailangang humantong sa kabuuan ng Salita. At sa huling mga araw, ang Pitong mga Tatak na nabuksan, ay upang tipunin ang bawat ligaw na naiwan doon, at gawin ang buong bagay sa isang dakila't malaking katawan ng Nobya, na sila na mga nabuhay sa nakaraan doon ay hindi sakdal hanggang sa ang Iglesyang ito ay mapaging sakdal, itong lupon ng Nobya sa huling mga araw, upang dalhin sila papasok, at lahat sama-sama ay kunin pataas. Kita n'yo?

<sup>23</sup> Ang Tanda, si Jesus Cristo, ang Banal na Espiritu, ay nasa kalagitnaan natin. Dapat nating igalang iyan. Ating—ating—ating—ating hindi magawang maipagpakumbabang lubos ang ating mga sarili. Ang alisin ang inyong sapatos, o lumuhod sa inyong mga tuhod, hindi kayang alisin ito; hindi nito—hindi nito masasapat ito, hindi sapat sa atin; kundi isang buhay na nagdadala ng bunga ng Espiritu!

<sup>24</sup> Ngayon ano ang bunga ng Espiritu? Kita n'yo? Pag-ibig, kagalakan, kapayapaan.

25 Naalala n'yo kaninang umaga? Paghahanda, isinugo ang mensahero taglay ang Mensahe. Sumunod na bagay na Kaniyang ginawa, pagkatapos Niyang isugo ang mensahero na taglay ang Mensahe, Kaniyang isinugo ang Haliging Apoy para isang pagpapatunay. Sumunod na bagay ay, pagkatapos niyan, ay isang konstela . . . o pampalubag-loob. Kita n'yo? Alam ninyo na iyan ay tama, kayo ay payapa. Tayo ay mayroong kapayapaan sa Diyos, sa pamamagitan ng Panginoong Jesus Cristo. Kita ninyo?

26 Ngayon sa gabing ito tayo'y mananalangin para sa may sakit, at palagay ko sila ay may komunyong. Kayo—kayo ba ay magkakaroon ng pagbabautismo, gawaing bautismo? [Si Kapatid na Neville ay sinabi, "Hindi."—Ed.] Komunyong lang, komunyong. At nais naming kayo ay manatili para sa komunyong.

27 At sa loob—sa loob ng tatlumpu't lima o apatnapung mga minuto ating sisikaping matapos at maghanda para sa komunyong. At ngayon, bukas ay ang panahon ng Labor Day, kaya kayo ay medyo makapagpapahinga. Ngayon, sinabi ko na iyan ang ating mga layunin, kita n'yo. Hindi natin alam kung anong panahon. Nais kong tiyakin na iyan ay maisaayos.

28 Ngayon, kaninang umaga aking sinabi sa inyo, bagama't hindi kayo kasama, aking—palagay ko tayo ay nagkaroon ng panibagong dalawa- o tatlong-oras na Mensahe kaninang umaga. Ngunit—ngunit ako—ako ay kapapasimula pa lamang, at naisip ko akin na lamang itutuloy iyan para ngayong gabi, subalit ito ay napaka-kamangha mangha. Hindi ko alam kung ang mga tao naunawaan ito o hindi. Ako'y umaasa na kanilang naunawaan, sa lahat ng dako. At umaasa ako na mayroong magandang mga teyps para dito, para ito ay maipalabas, upang maipalabas, na aking pinaniniwalaan, sa lahat ng Mensahe na kailan man aking ipinangaral, na tumpak na itinalaga ng Diyos, maliban sa . . . Siyempre, ang karaniwan na utos, tulad ng Pitong mga Tatak at mga bagay-bagay, iyan ay tuwirang ang Salita ng Diyos. Ako'y nangungusap tungkol sa isang Mensahe upang ipangaral; ako'y naniniwala na ang isang iyan ay siya nga, kita n'yo, na—na, ang isa na kailangang sumunod doon sa mga Pitong mga Tatak.

29 Ngayon masdan kung ano ang dumating pagkatapos ng mga Pitong mga Tatak: ang pagkakaisa ng mga tao, pagkakaisa ng mga tanda, ang pulang ilaw na kumikislap-kislap sa huling mga araw, ang tanda ng kababaihan na lalong gumaganda, at ang lalaki, kung ano ang kanilang gagawin. Lahat ng mga tandang ito ng Banal na Espiritu nangunguna pataas, pagkatapos babalik dito sa paglalapat ng lahat ng mga Mensaheng iyon mula sa Pitong mga Tatak. Ito'y naglapat sa isang bagay na ito, ang Tanda, na tayong lahat ay maayos, kita n'yo, saliksikin lamang ang ating mga sarili at tingnan kung tayo'y nasa Pananampalataya.

<sup>30</sup> Ngayon, ang Panginoon ay pagpalain kayo. At ngayon bago tayo—bago tayo bumaling sa Biblia, upang manalangin para sa may sakit. . . Aming tinanong kaninang umaga, kung ilan ang napanalanginan na sa nakaraang Linggo ng gabi, na—na—na gumaling, na gumaling sa sanlinggong ito, at sa katunayan lahat dito ay itinaas ang kanilang kamay, na nasa pagtitipon nang nakaraang Linggo ng gabi. Ngayon, ito’y isang bagay na, inyong naunawaan. Ito’y isang bagay na. . . Ito’y, aking inuunawa ito sa aking sarili.

<sup>31</sup> Mayroon noong isang munting batang lalaki, na napagsabihan lamang, dumating mula sa Chicago, isang munting Gng. . . Ang babae bang iyon, Peckinpugh, Peck—. . . Gng. Peckinpugh mula—mula. . . Siya’y isang napakainam na kapatid na babaeng Cristiyano. At siya ay nagsama ng iba, isang—isang bata, sa aking pagkaunawa dito, isang munting batang lalaki o isang bagay, na—na ang. . . ang mga doktor ay ni hindi man lang alam kung ano ang nangyayari sa kaniya. Ang kaniyang mga baga ay napakagrabe, o anong bagay, na—na hindi nila magawang. . . hindi siya maipasok sa paaralan o anong bagay. Siya ay napaka, napakagrabe ng kalagayan. At sabi, ang Banal na Espiritu pagkatapos mismo ng Mensahe, nangusap sa munting batang lalaking iyan, at tinawag siya, sinabi sa kaniya ang kaniyang kalagayan at iba pa, at binigkas ang kaniyang kagalingan.

At nitong linggo siya ay tumungo, ang ina o mga magulang, o maging sino man iyon, ibinalik siya sa doktor, at ang doktor ay nagsabi na siya ay mayroong isang bagong pares ng mga baga, kita n’yo, bagong pares ng mga baga. At sa aking pagkaunawa, na ang—na ang mga magulang o iba ay tumawag ng isang tawag na mula sa malayo, o ibang paraan, upang ipaalam ito sa kongregasyon. Kita n’yo? Ngayon, ang Diyos, ang Manlilikha, ay kayang gumawa ng isang pares ng mga baga.

<sup>32</sup> Ako—ako ay tunay na naniniwala na tayo’y nasa—sa bingit ng isa sa pinakamakapangyarihang mga bagay na kailanman ay dumating sa lupa mula ng mga kaarawan ng Panginoong Jesus. Kita n’yo? Kita n’yo? Subali’t ngayon tayo ay makikilala lamang bilang. . . Ito’y magiging lubos na napakababa. Kita n’yo? Kita n’yo, kung ano ang tinatawag ng tao na *makapangyarihan*, tinatawag ng Diyos na “karumal-dumal.” Subalit kung ano ang tinatawag ng tao ng *kamangmangan*, tinatawag ng Diyos na “makapangyarihan.” Kita n’yo? Kaya ngayon masdan ito, kita n’yo, ito’y magiging lubos na napakababa na inyong hindi mapapalagpas. . . na inyong mapapalagpas ito kung hindi ninyo taglay ang Tanda doon upang siyasatin ito, kita n’yo. Kita n’yo?

<sup>33</sup> Sino ang mag-aakala na ang mga bundok ay maglulundagan na tulad ng mga tupang lalaki, at ang mga dahon ay magpapalakpakan ang kanilang mga kamay, nang isang propeta ay dumating mula sa ilang; na ipinangusap ni Isaias,



labindalawang daan...o pitong daan at labindalawang mga taon noon. Na may mga balbas sa kaniyang buong mukha, at isang piraso ng balat ng tupa, ni walang pulpito upang pagpangaralan, itiniwalag mula sa lahat ng mga iglesya, at tumatayo sa pampang ng Jordan, sumisigaw, “Magsisi!” At tinawag ang mga tao na isang lupon ng “mga ulupong,” mga ahas. Subalit iyan ang sinabi ng Diyos, na kapag Siya ay dumating, “ang mga bundok ay maglulundagan tulad ng mga munting tupang lalaki.” Kita n’yo? Ang mapagpakumbaba ay nakita ito at nagalak.

<sup>34</sup> Papaano nila mauunawaan na ang isang...na ang dakilang Mesiyas na iyon, na naihula mula pa nang pasimula ng Aklat, sa Genesis, na Siya ay darating, isang Tagapagligtas? Lahat ng mga hain, at lahat ng mga propeta, at lahat ng bagay ay tumuro sa Kaniya. At pagkatapos nang Siya ay dumating, inaakalang isang anak sa pagkakasala; isang ama na ni hindi pa ikinasal sa Kaniyang ina, sa pagkakaakala. Kita n’yo? At ang babae ay nasumpungang buntis sa isang bata bago man lamang sila ikinasal. At dumating sa gayong bagay, at isinilang sa isang— isang munting...Buweno, ito ay sinasabing isang kuwadra, sa Biblia. Ngunit ang isang kuwadra sa mga araw na yaon ay isang kuweba sa likuran ng—likuran ng pader. Nakakita ako ng ganoong lugar doon sa Arizona minsan, sa pangangaso. Mayroong isang kuwadra sa likuran sa ilalim ng isang bitak ng mga bato. At iyan ang paraan na si Jesus ay ipinanganak, sa likuran nitong munting bitak na kuwadra sa isang sabsaban ng damo at dayami, sa isang kural ng baka, kita n’yo, kung saan naroon ang mga hayop.

<sup>35</sup> At pinalaki bilang isang katulong ng isang karpentero, at papaanong nangyari na Iyan ang dakilang Jehova? Subalit iyon nga, kita n’yo. Iyon nga. Kita n’yo? Napaka kakatwang uri ng isang Persona. Subalit, oh, nang Siya ay isang bata pa lamang, Kaniyang pinagtaka nang lubha ang mga saserdote sa pagkakaalam ng Salitang iyan. Dahil bakit? Siya ang Salita. Kita n’yo? Siya ang Salita.

Hindi Siya sumulat ni isa mang aklat. Hindi sumulat ni isang—Siya ay hindi sumulat ni isang salita. Ang tanging salita na Kaniyang isinulat, palagay ko, ay Kaniya itong binura, sa—sa buhangin, nang ang isang babae ay nahuli sa pangangalunya. Hindi Siya sumulat ni isang salita. Bakit? Siya ang Salita. Kita n’yo? Siya ang Salita. Hindi Niya kailangang isulat Ito; ang Kaniyang buhay ay ipinamuhay Ito. Siya ang Salita. Kung Siya... “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong paniwalaan.” Kita n’yo? “Kung hindi ko ginagawa ng tamang-tama sa kung ano ang sinabi ng Salita na dapat Kong gawin, kung gayon Ako’y hindi ang Salita. Ngunit kung...” Iyan ang Kaniyang ibig sabihin. Siya ang Salita.

<sup>36</sup> Kaya ngayon ihanda ang inyong sarili ngayon para sa—sa papalapit na gawaing pagpapagaling at ang komunyong. Ikagagalak namin para sa inyo na manatiling kasama namin kung inyong magagawa. Kung hindi n'yo magagawa, tayo'y magpapauwi kaagad.

<sup>37</sup> At huwag kalilimutan, manalangin para sa akin at manalangin para sa aking asawa, ang pinaka-kalugod-lugod na babae sa buong mundo, at—at para sa aking mga anak. At ngayon akin silang inangkin na, bawat isa, para sa Panginoong Jesus.

<sup>38</sup> Ngayon, si Becky ay sadyang nasa edad ng munting “ricketta,” alam n'yo, at isa lamang—isang munting “teen—annie,” gaya ng ating nakasanayang pagtawag dito. At sa gayon siya'y nasa gayong edad. Subali't, ngayon, siya'y isang napaka-kalugod-lugod na batang babae, at aking—aking pinasasalamatan ang Panginoon para diyan; walang pagsisigarilyo, walang pagiinom, walang paggala-gala, wala. Ngunit siya'y nasa gayong edad, siya—siya ay walang iniintindi. Ayaw niyang magpunta sa simbahan, at, kung pupunta siya, siya'y uupo doon sa likod at ngunguya ng tsuwing gam, tatayo at lalabas. Iyan, kita n'yo. Nais kong makita siyang puspos ng Banal na Espiritu.

<sup>39</sup> Nais kong makita si Joseph, nais ko na ang batang iyan. . . naniniwala ako na balang araw kapag ako'y hindi na makalakad papunta ng pulpito, nais kong kunin ang luma't sirang sira nang Biblia at iabot ito sa kaniya, sabihing, “Joseph, manatili ka Dito, anak.” Sa gayon ako'y handa nang umakyat paitaas. Nais kong marinig ang isang hangin na humihip kung saan, tumingala, iwagayway ang aking kamay, lumisan.

Tayo'y manalangin.

<sup>40</sup> Amang Diyos, ang aming buong buhay ay nabalot sa loob niyan, sapagka't Ito'y Ikaw, at Ikaw ang aming Buhay. Ngayon mayroong ilan dito, Panginoon, na—na nanghahawakan sa Tanda na ito na aking ipinangusap. Kanilang inaari ang Tanda na iyan, at gayon may sila'y may sakit. At nais kong mangusap ngayong gabi para bigyan sila ng lakas ng loob, upang—upang palakasin sila upang kunin ang mga karapatang iyon na bigay ng Diyos. Mayroon silang karapatan na gapiin ang diablóng iyan. Siya ay nagapi na, at dinadaya lamang niya sila. Akin silang inaangkin, Ama.

<sup>41</sup> Ngayon tulungan akong ipangusap ang Salita. Ikaw ay mangusap sa pamamagitan ko, Panginoon, sa mga ilang tala na aking na isinulat dito, at kaunting mga Kasulatan na naisulat. Dalangin ko na ako ay Iyong tulungan, Panginoon, at magtungo sa Salita at bigyan sila ng pananampalataya para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus aking dalangin. Amen.

<sup>42</sup> Ngayon kaagad, nais kong kayo ay tumungo sa Biblia sa Aklat ng Jeremias at sa ika-29 na kabanata, kung nais ninyong basahin. O, kung kayo'y hindi, markahan na lamang. Jeremias, ang ika-29 kabanata. At tayo'y magpapasimula sa ika-10 talata ng Jeremias, ang ika-10 talata ng ika-29 na kabanata. Gayon din, tayo'y babasa mula sa Lucas, ang ika-16 na kabanata, simula sa ika-14 na talata.

<sup>43</sup> Ngayon aking ibibigay sa inyo ang aking teksto, habang kayo'y—kayo'y—kayo'y nagbubukas. Ang aking teksto ngayong gabi ay “mga desperasyon.” At ako . . . Desperasyon, at, ngayon, alam ninyo kung ano ang mga desperasyon.

At ngayon tayo'y babasa mula sa Jeremias ika-39 kabanata, ang ika-10 talata.

*Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Na pagkatapos na maganap ang pitong pung taon sa Babilonia aking dadalawin kayo, at tutuparin ang Aking mabuting salita sa inyo, sa pagpapabalik sa inyo sa dakong ito.*

*Sapagka't nalalaman Ko ang mga pagiisip na Aking iniisip sa inyo . . . (Hindi ba iyan nakalulugod?) . . . sabi ng PANGINOON, maging mga pagiisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pag-asa sa inyong huling wakas.*

*At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at Aking didinggin kayo.*

*At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso.*

*At ako'y masusumpungan ninyo, sabi ng PANGINOON: At Aking ibalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at Aking pipisanin kayo mula sa lahat . . . ng mga bansa, at mula sa lahat ng dako na Aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng PANGINOON; at . . . ibalik kayo uli sa—sa dakong mula sa Aking pinagdalong bihag sa inyo. Pabalik sa pentecostes!*

Aking inilagay iyan doon, sa aking sarili. Hindi sinabi iyan. Iyan ang aking ipinakakahulugan para sa Iglesia.

Lucas 16, simula sa ika-15 talata, o sa ika-16 na talata.

*Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan: mula noo'y ang kaharian ng Diyos ay ipinangaral, at ang bawat tao ay pumapasok doon na nagpipilit.*

“Ang bawat tao ay nagpipilit na pumasok Dito.” Hindi lamang basta lumalakad na papasok Dito, ng madali, ngunit Ito'y dapat na nagpipilit na pumasok. Kita n'yo? Ngayon, “Pagka inyo Akong hinanap ng inyong buong puso, kung magkagayon Ako'y masusumpungan.”

44 At Kaniyang ipinangako na Kaniyang ibabalik at dadalhin ang mga tao, mula sa pagkakakalat sa buong panig ng mundo, pagkatapos niyaong pitong pung taon, pabalik doon sa Jerusalem kung saan sila ay lumisan: at Kaniyang ginawa iyon ng sadyang gayon. Iya'y tama.

45 Ngayon tayo'y mangungusap tungkol sa—sa *Mga Desperasyon* para sa ilang mga minuto ngayon. Kadalasan kinakailangan ng panahon ng kagipitan upang tayo ay dalhin sa desperasyon. Kita n'yo? Ito'y nakalulungkot na kailangang mangyari iyan. Ngunit ang mga tao ay napakabagal sa kanilang pag-iisip, na kinakailangan muna ng isang kagipitan. Isang bagay mangyayari, at kapag sila ay humantong, sa gayon ito'y—ito'y dadalhin sila sa desperasyon na iyan. At katunayan, sa paggawa niyan sa desperasyon, inilalabas nito iyang tunay na bagay na kayo nga. Ipinapakita nito kung mula sa ano kayo gawa, sa panahon ng desperasyon. Kadalasan inilalabas nito ang lahat ng mga mabubuting bagay na nasa inyo.

46 Sa panahon ng kamatayan, nakarinig ako nang mga tao kapag alam nila na sila ay mamamatay na, ang mga bagay na kanilang inililihim sa buong buhay nila, sila, sa desperasyon, kanilang sinisikap na sabihin ito. Kita n'yo? At nagsisikap, “Kunin ito at gawin itong tama; magpunta ka, pakiusap; magpunta ka, gawin,” kita n'yo, sa desperasyon. Dapat nilang ginawa iyan noon pa, kita n'yo, hindi maghintay hanggang sa panahon ng kagipitan. “Maaari mo bang gawin ang *ganito-at-ganito* para sa akin?” Ang kagipitan ay nagdudulot ng desperasyon. Kung saan, dapat natin itong gawin ng wala ang kagipitan.

47 Ngayon ating napansin, ngayong gabi, na ating kinukuha ang mga simbolo ng Paskua. At ang Paskua ay ginanap sa kagipitan, sa mga panahon ng desperasyon. Inyong napansin sa—sa Exodo ang ika-12 kabanata, at ang ika-11 talata ng ika-12 kabanata, naniniwala akong ito nga, sinasabi nito, “Kainin ang Paskuang ito na ang inyong panyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, na ang inyong mga baywang ay nabibigkisan, at ang tungkod ay nasa inyong kamay,” kita n'yo, inyo itong kinakain sa desperasyon.

48 Kanilang nakita ang dakilang kamay ng Diyos. Kanilang nakita ang lahat ng Kaniyang mga himala, at pagkatapos sila ay pumasok sa ilalim ng palatandaan ng Tanda. At habang sila ay nasa ilalim ng palatandaan ng Tanda, kanilang ginanap ang komunyong sa—sa desperasyon, sapagka't alam nilang sa panahon na iyan ang Diyos ay nahahandang manakit na may paghatol.

49 At iyon ay isang panahon ng pangininginig. Iyon ay isang panahon kung saan ang bawat tao ay sinasaliksik ang kaniyang sarili, sapagkat ang Salita ng propeta ay hindi nabigo ni

minsang. Ito ay napatunayan na totoo. Ano man ang kaniyang sinabi, ito ay naganap ng sadyang eksakto sa paraan ng kaniyang pagkakasabi. Ang Haliging Apoy ay naroon pa rin. At, pagkatapos, ang propeta ay inihayag na ang Diyos ay lalampas lamang kapag Kaniyang nakita ang tanda sa may pintuan. At ito ay isang desperasyon.

<sup>50</sup> Aking iniisip ang mga anak ay...nang kanilang makita yaong malalaki, itim na mga pakpak ay bumaba mula sa himpapawid tulad ng isang usok na lumulukob sa siyudad, ang mga sigaw ay nagmumula sa bawat bahay, ang mga anak ay maaaring nagsilapit sa kanilang tatay at nagsabi, “Tatay, tiyak ka ba na tayo’y nasa ilalim ng tanda na iyon?”

At siya maaaring pumaroon sa pintuan, tumingin sa may poste, ang biga, nagsabi, “Anak, iya’y ayon sa Kaniyang Salita.”

“Alalahanin, ako’y pinaka-panganay mong anak. Tatay, positibo ka ba?”

<sup>51</sup> “Ako ay positibo! Iya’y ayon sa kung anong sinabi ng propeta sa atin, at taglay niya ang Salita ng Panginoon. Sabi ‘Kapag Aking nakita ang dugo, Ako’y lalagpas sa inyo. Kumuha ng isang kordero para sa bahay.’ Aking dinala sa loob kayong lahat mga anak. Ikaw ang aking pinaka-matanda, subali’t aking panganay. Iyan ang isa na namamatay doon sa labas; ngunit *naroon* ang dugo. Iyan ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaya magpahinga, aking anak, magpahinga sa katiwasayan, sapagka’t ang Diyos ang gumawa ng pangako. Kita n’yo?”

“Kung gayon, Tatay, bakit nakasuot sa iyo ang iyong panyapak? Bakit hawak mo sa iyong kamay ang tungkod? Bakit mayroon kang isang piraso ng tinapay sa isang kamay at isang kordero sa kabilang kamay? Bakit silang mapait na mga damong-gamot at mga bagay? Ano ang iyong kinakain? Ano’t ang pawis ay tumatagaktak sa iyong mukha?”

“Anak, ang kamatayan ay napipintong manakit.” Kita n’yo, iyon ay nasa panahon ng desperasyon.

<sup>52</sup> Ngayon, ako ay naniniwala na tayo’y nabubuhay sa mga araw na tayo’y...O, sa halip, ang mga araw na ating kinabubuhayan ay dapat na magtulak sa Iglesya upang lubos na mapasa-desperasyon. Naniniwala ako, mula nang ang mensahe kaninang umaga mula sa Diyos, hindi ako, naniniwala ako na ito ay dapat na magtulak sa buong kongregasyon na ito sa desperasyon, na tayo ay naglaro ng lubos na matagal. Tayo’y nagtungo sa simbahan ng lubos nang matagal. Tayo ay dapat na gumawa ng isang bagay.

<sup>53</sup> Papaano ito na tayo ay makakakita ng ibang dakilang mga palatandaan at kababalaghan na naganap sa mga iba, at papaano naman tayo? Ito ay dapat na magdulot ng isang kalalagayang desperasyon, na tayo ay determinado, sa harapan ng Diyos. Ang mga tanda ng Kaniyang Pagdating ay dapat na

dalhin ang buong kongregasyon na ito, nang ating mabasa ito mula sa Salita. . . At ang Banal na Espiritu ay nasabihan tayo, “Tumungo sa isang tiyak na lugar, *ganito-at-ganito* isang bagay ay mangyayari,” hindi sinabi sa atin kung ano ito, subali’t ito ay magaganap. Tayo ay pumaroon, ito ay nangyari sa gayong paraan. Ang mga pahayagan ay inilathala ito, ang mga magasin ay inilathala ito, ipinakita ang larawan nito. Magbalik dito at naunawaan ang dakilang mga hiwagang yaon, natatago sa Biblia, binuksan sa atin, sa isang bagong paraan na hindi natin nalaman noon, at tumugma ng ganap na ganap sa Pagdating ng Panginoong Jesus.

<sup>54</sup> Pagkatapos, sa katapusan ng mga Mensahe, nakita ang pagkilos ng dakilang Banal na Espiritu, nakita Siyang bumaba na napakita sa harapan ng mga tao, nakunan pa Ito ng mga larawan. Nakita Ito na gumagawa at ipinapakita na ito’y hindi isang tao, ito’y hindi isa lamang na mangangaral, ito’y hindi isang kongregasyon. Ito’y ang Banal na Espiritu ipinapakita ang gayon ding bagay na ginawa Nito noong Ito’y manahan sa katawan ni Jesus Cristo. Ngayon Ito’y nananahan sa Katawan ng Kaniyang Nobya. Ito ay dapat maglagay sa atin sa desperasyon.

<sup>55</sup> Ang mga taong iyon ay nakita ang kamay ng Diyos. At sa gabing iyon ng komunyong, ginanap nila ito na may. . . sa desperasyon, dahil nalalaman nila na ang isang bagay ay napipintong maganap. At nalalaman nating may bagay na napipintong maganap. At alalahanin, ang Pagdating ng Panginoon ay magiging isang madali, lihim na paglisan. Siya’y darating at kukunin Siya tulad ng isang magnanakaw sa gabi. At ang isipin na kung may isang tao, bigla-bigla, mayroong mga miyembro ng ating pamilya ay nawala, at kayo’y napag-iwanan! Ito ay dapat maglagay sa atin sa desperasyon, na, sa biyaya ng Diyos, tayo’y hindi maiiwanan. “Kung mayroon mang bagay na hindi ko gusto. . . Huwag, huwag akong iwan, Panginoon.”

<sup>56</sup> Ilang mga araw ang nakalipas aking pinapakinggan si Mel Johnson inawit ang awitin na yaon:

Alalahanin ako kapag ang mga luha  
pumapatak, oo,  
Alalahanin ako kapag ang mga kaibigan ay  
wala sa paligid;  
At kapag ako ay tumawid sa ilog na ito ng  
Jordan,  
Kapag Ika’y nagtatawag ng listahan,  
alalahanin ako.

<sup>57</sup> At sa Aklat ng Buhay ng Cordero, nais kong ang aking pangalan ay nakasulat. Nais kong alalahanin Niya ako kapag ang mga pangalan ay tinawag. At ito ay inilalagay ako sa desperasyon, iyan ay, tulad ng sabi ni Pablo, “Pagkatapos kong maipangaral ang Ebanghelyo ako ay magiging isang—

isang layas, ako ay magiging isang—isang itinakwil?” Ito ay maaring mangyari. Kaya ito ay nagtutulak sa isang desperadong kalalagayan, desperasyon, upang isipin ang, pagkatapos ng mga taon na ito ng pangangaral, ako ba—ako ba... isang lugar dadako kung saan akin Siyang mabibigo? Anong susunod na kilos? Ano ang susunod na dapat kong gawin? At ito ay maglagay sa akin sa isang pagkanerbiyos na kalalagayan. At ano ang magagawa ko? Ito ay naglalagay sa akin sa mga bundok at mga lambak. At ito’y mahirap, dahil, kapag ako’y kasama nang mga tao, ako’y dapat na maging lahat ng mga bagay sa lahat ng tao; upang makapagwagi ako nang ilan kay Cristo, gayon pa man ang Tanda na iyan ay laging nasa harapan ko. Kita n’yo?

<sup>58</sup> At aking nakikita ang mga bagay na paparating, at hindi n’yo masabi sa mga tao. Inyong nakikita ang iba’t-ibang mga bagay, at kayo ay pinagbawalan. Yaong mga pangitain na kanilang tinatawag, at kung minsan sila’y nalulungkot kung inyong sasabihin sa kanila, at alam ninyo ang mas-mabuti kaysa sa gawin iyon. At pagkatapos kayo ay lubos na mapapasa mga pangitain hanggang sa ang lahat ng bagay maging isang pangitain, at inilalagay kayo nito sa isang pagkanerbiyos na kalagayan. Kayo—kayo ay titingin at sasabihin, “Ngayon ako ba’y nasa pangitain?” Tulad ng paligid rito, “Ito ba ay isang pangitain? Saan ba talaga ako natatayo?” Kita n’yo, inyo—inyong napasobra ang inyong sarili sa paggawa, inyong napalabis ang inyong sarili. At inyong nasumpungan ang mga bagay tungkol sa mga tao na inyong nanaisin na hindi ninyo sana alam. Ang mga tao na naghahangad sa mga bagay na ito, upang malaman ang mga bagay na ito, hindi nila napapagtanto kung anong halaga ng gayong uri ng ministryo. Hindi ninyo alam kung ano ang nakapaloob dito. Pagkatapos inilalagay ito sa desperasyon, “Panginoong Diyos, alam ko na ako ay mananagot.”

<sup>59</sup> Si Jack Moore sinabi sa akin minsan, “Ayaw na ayaw ko na kailangang managot na katulad sa iyong gagawin, sa Araw ng Paghuhukom.” Sabi, “Ang Diyos ay inilagay ang mga taong ito sa iyong mga kamay, at ika’y magbibigay sulit para sa bawat isa sa kanila. Ikaw ay mananagot para sa iyong ministryo.” Iya’y mga labing-limang mga taon na ang nakakalipas, o maaaring labing-walo. At mula noon, ako’y nasa desperasyon. Anong gagawin ko? “Pahintulutang sabihin ko lamang kung ano ang Iyong sasabihin, Panginoon. Pahintulutan akong sabihin sa kanila kung ano’ng Katotohanan, o huwag nang magsabi ng anoman.” Inilalagay ako nito sa desperasyon.

<sup>60</sup> Pagkatapos nakikita ang mga palatandaang ito na paparating, nakikita ang Banal na Espiritu na dinadala tayo doon, at dalhin ang mga Tatak na ito, at ilapag sila tulad niyan. Dalhin ang Mga Kapanahunan Ng Iglesya at ilapag sila, pagkatapos ay bababa na nasa isang dakila’t malaking

Haligi ng Apoy sa dako roon, at—at ipahayag ang Kaniyang Sarili. Pagkatapos ay bababa sa susunod na bagay, sa Pitong mga Tatak, at inihayag ito. At inilagay pa ito sa mga pahayagan at mga magasin. Pagkatapos ay pumasok at dinala ang mga anghel ng Diyos, silang pitong mga anghel taglay ang pitong mga Mensahe, at patunayan ito na eksakto sa kung ano ang sinabi ng Biblia. Pagkatapos, sa panahong iyan, dumating at dinala ang mga Tatak na iyon. . . ang mga palatandaang iyon, mga kislap ng huling kapanahunan, at dalhin ito sa mga tao at sabihin sa kanila kung ano ito, at ang lahat tungkol dito, at ang Panginoon gumagawa doon mismo ipinapakita ang Kaniyang sarili na naroroon. At pagkatapos, dumating tulad kaninang umaga, dumating at hiniling ang Tanda na iyan sa bawat tao. Kung gayon, kayo'y aking bayan. Kayo ang siyang mga aking iniibig, ang mga ito at silang mga nangakikinig sa mga teyp, at iba pa. Kung gayon nakikita ninyo kung saan ako inilalagay ng desperasyon.

<sup>61</sup> Desperasyon. Mga Palatandaan ng Kaniyang Pagdating ay dapat na dalhin ang bawat bahagi ni Cristo ay desperasyon ngayon, patungkol sa ating mga kaluluwa, tungkol sa ating—ating—ating kabutihan para sa hinaharap. Buweno, ano ang ating magiging pakinabang kung ating makakamtan ang buong mundo? Ano ang ating, ano ang dahilan ng ating pamumuhay? Para saan ang inyong paggawa? Para saan ang inyong pagkain? Para saan ang inyong pakikipaglaban? Upang mabuhay. Para saan ang inyong pamumuhay? Upang mamatay. At kayo'y hindi karapat-dapat na mabuhay hangga't kayo'y karapat-dapat na mamatay. Iya'y totoo.

<sup>62</sup> At ating nakita ang napakaraming mga himala ng pagpapagaling, ito ay dapat na ilagay tayo sa desperasyon.

<sup>63</sup> Kung ang munting batang lalaki na iyan. . . Ako ba ay tumitingin kay Gng. Peckinpaugh ngayon? Ito ba si Gng. Peckinpaugh? Ikaw ba iyong maydala sa batang lalaki na iyon dito, isang bagay o iba? Bakit, narito ang babae nauupo rito na ating tinutukoy. Ako lamang ay napatingin at nakita siya.

<sup>64</sup> Ngayon kung ang Diyos ay nagawa iyan para sa munting batang lalaki na iyon, ito ay dapat na dalhin kayo sa desperasyon.

<sup>65</sup> Isang lalaki mula sa New Albany, siya ay maaaring narito ngayong gabi. Siya'y isang kaibigan sa aking Kapatid na Roberson. Mayroong isang munting batang lalaki rito. Palagay ko ang kaniyang asawa ng mayroong kanser minsan at gumaling. At—at ngayon, ang munting batang lalaki ay mayroong hika na napakalala hanggang sa siya ay sadyang nasa grabeng kalagayan. Maliit na bata, halos kanser na sa lalamunan, siya mismo. Kita n'yo? At pagkatapos dinala niya ang munting batang lalaki, oo, nakikita ko ang kaniyang kamay nakataas



doon sa likod, sa likod doon, naipanalanginan kaninang umaga, kita n'yo.

<sup>66</sup> Desperasyon! Nang ang asawang babae ay halos mamatay sa kanser, alam niya na ang Diyos ay pagagalangin siya. At kung ang Diyos ay kayang pagalangin ang kaniyang asawang babae, ang Diyos kayang pagalangin ang bata. At dinala ito sa isang kalalagayang desperasyon. Kita n'yo? Kayo ay dapat na lumapit; at kapag kayo'y desperado, kung gayon ang Diyos ay makikinig sa inyo. Ngunit kung kayo'y mga tamad, wala kayong pakialam kung gagawin nga Niya o hindi, buweno, kung gayon iya'y kakaiba. Sinasabi ninyo na inyong ginagawa, subali't kinakailangan ng desperasyon upang gawin ito.

<sup>67</sup> Naniniwala ako na ang dahilan na tayo ay walang desperasyon ay sapagka't sa kakulangan ng pag-ibig, ng Diyos, ang pag-ibig ng Diyos. Naisip ko na ang pag-ibig ng Diyos ay nagdudulot ng desperasyon. Kung ang Diyos ay nasa inyo, ang Tanda sa loob ninyo, at inyong nakikita ang mga kalagayan ng mga panahon, at ang mga tao ay lumulusong sa kasalanan sa paraan na kanilang ginagawa, ito ay dadalhin kayo sa desperasyon. Naniniwala akong gagawin ito.

<sup>68</sup> Ngayon ang Salita ay maliwanag na nagsasaad, kung nais n'yong isulat ito, sa Mga Taga Galacia 5:6, na, "Ang pananampalataya ay gumagawa sa pag-ibig." Kita n'yo? "Ang pananampalataya ay gumagawa sa pag-ibig." At ang tanging paraan upang kayo ay magkaroon ng pananampalataya, ay magkaroon muna ng pag-ibig. Dahil, matapos ang lahat ang pananampalataya ay pangganyak sa pag-ibig. Pagganyak, iyan eksakto kung ano—ano ang pananampalataya. Ito'y isang pagganyak sa pag-ibig. Ngayon, kayo, kung kayo ay walang pag-ibig, hindi kayo magkakaroon ng pag-ibig. Kita n'yo?

<sup>69</sup> Papaano kayo magkakaroon ng pananampalataya sa inyong asawang babae kung hindi n'yo siya iniibig? Iya'y sa *phileo*. Ngayon paano ang tungkol sa *agapao*, sa Diyos? Ngayon mangyayari kung hindi ninyo iniibig ang Diyos?

Kung inyong sinasabi na inyong iniibig ang inyong asawang babae, at hindi sinasabi sa kaniya ang tungkol dito, at hindi uupo at ibigin siya, ipahayag ito sa kaniya, hagkan siya, yakapin siya, at sabihin sa kaniya na siya ang pinakamagaling na tagapagluto sa buong bansa, ang lahat ng mga bagay na inyong nalalaman, at kung gaano siya kaganda, at kung gaano mo siya kamahal; kung hindi ninyo gagawin iyan, hindi niya malalaman ito. Iyan ang paraan. Kung talagang iniibig mo siya, iyong ipahayag ito.

<sup>70</sup> Iyan ang paraan na ating gawin sa Diyos. Kapag ating iniibig Siya, ating sasabihan siya tungkol dito. Tayo ay maupo at ating luwalhatiin Siya, at sambahin Siya. At, kita n'yo, ang pag-ibig itinutulak tayo diyan.

<sup>71</sup> Ngayon ano kaya kung ang isang bagay ay dapat na magawa para sa inyong asawang babae? Bakit, ito'y ilalagay kayo sa desperasyon upang ito ay magawa. Ano kaya kung sinoman ay nagsasabing ang inyong asawang babae ay mayroong kanser? Ano kaya kung ang sinoman ay nagsasabing ang inyong—inyong asawang babae ay mayroong TB, at siya ay napipintong mamatay? Gayon man, kayo, inyong—inyong gagawin ang anomang bagay. Kita n'yo, ito'y ilalagay kayo sa desperasyon.

<sup>72</sup> At iya'y ang gayon ding bagay na ito. Tayo ay dapat na magkaroon ng pag-ibig bago tayo magkaroon ng pananampalataya. At ang pananampalataya...Kapag tayo ay mayroong tunay na pag-ibig, ano ang gagawin nito? Ito ay nagtutulak sa ating pananampalataya doon sa unahan ng pakikibaka para sa Diyos. Kita n'yo? Tunay banal na pag-ibig para sa Diyos at para sa Kaniyang Salita at para sa Kaniyang bayan, ay itutulak ang pananampalataya patungo doon. Ang pag-ibig ay sadyang hinahawakan ang pananampalataya, at lamang, "Halikayo, tayo na!" At ito'y nagtutungo palabas, 'pagkat iyan ang ginagawa ng pag-ibig.

<sup>73</sup> Juan 14:23, sinabi ni Jesus, "Kung ang sino man ay umiibig sa Akin, kaniyang tutuparin ang Aking mga Salita." Ngayon hindi ninyo matutupad ang Kaniyang mga Salita kung walang pananampalataya sa Kaniyang sinabi. Kaya, kita n'yo, kung iniibig niya ang Diyos, kung gayon kaniyang tutuparin ang Salita ng Diyos. Kung Kaniyang sinabi, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo," kaniyang sasampalatayanan iyan. Ang pag-ibig ay ginagawa siyang sampalatayanan ito, sapagka't ang pag-ibig ay nangingibabaw sa lahat. "Kahit ako ay magsalita ng wika ng tao at ng mga Anghel, walang pag-ibig, ito'y walang kabuluhan, kita n'yo. Kahit ako ay mayroong pananampalataya upang mailipat ang mga bundok, at walang pag-ibig, ito'y walang kabuluhan." Ang pag-ibig nangingibabaw sa lahat, 'pagkat ang Diyos ay pag-ibig, isang Diyos ng pag-ibig. Ngayon, oo, ginoo! Kung sinabi ni Jesus, "Kung ang sinomang umiibig sa Akin, kaniyang tutuparin ang Aking mga Salita."

<sup>74</sup> Alam natin na totoo na ang Diyos ay kakatagpuin ang isang kaluluwang desperado. Ngayon, alam nating lahat iyan. Ngunit kadalasan kinakailangan ang isang bagay upang magtulak sa atin diyan, sa kawalan ng pag-asang iyan, sa desperasyon. Kinakailangan ang isang bagay upang gawin ito.

<sup>75</sup> Ating nasumpungan, sa Santiago 5:15, na ang Biblia ay nagsabi niyan. "Ang maningas taimtim," iya'y desperasyon, "maningas na panalangin ng isang taong matuwid ay malaki ang nagagawa. Kapag ang isang taong matuwid, isang mabuting tao, ay mapasa pagdaramdam," o pagbibiyaha ng kaluluwa, o pagdaramdam, alin man sa isa. Aking—aking palagay ang "paglalakbay" ay mas-mabuting salita. Pagdaramdam, o paglalakbay, maging alin man sa isa na nais ninyong tawagin

ito. Ngunit kapag ang isang—isang—isang kaluluwa ay mapasa—sa desperasyon, sa pagdaramdam, isang maningas taimtim na panalangin ng isang tao na maipapakita ang Tanda, ito’y gumagawa ng isang bagay. Kita n’yo?

<sup>76</sup> Pansinin kung ano ang sinabi rin ng Biblia rito, sa Santiago 16, 5:16, sabi, kung... “Ipinahahayag ang ating mga kasalanan,” isinasaayos, naghahanda para doon, “magpahayagan ng ating mga kasalanan sa isa’t-isa.” Na walang—walang mga kasalanan...Hilingin ang mga tao na manalangin para sa inyo, ipinahahayag ang ating mga kasalanan sa isa’t-isa, at manalangin para sa isa’t-isa. Hayan na kayo. Na may pag-ibig, pag-ibig, na ako ay mayroong tiwala na aking maipapahayag sa inyo ang aking mali; at inyong maipapahayag sa akin ang inyong mali. At iniibig ko kayo ng labis upang ako’y manalangin para sa inyo, at kayo’y manalangin para sa akin; at tayo’y mananatili kasama nito, na may maningas na panalangin, hanggang sa ito’y matugon. Iya’y, iya’y desperasyon. Iyan ang dapat nating makamtan sa lahat ng pagkakataon.

<sup>77</sup> Tayo’y kumuha ng ilang mga halimbawa niyan na nasa Kasulatan, kung anong nangyari, ngayon, para sa iba, mga labing-limang minuto, kalooban ng Panginoon.

<sup>78</sup> Si Jacob, siya ay isang tao, una siya ay isang munting... tipong isang walang inaalalang bata. Inakala niya sa kaniyang sariling kaisipan na nalalaman niya na ang pagkapananganay ay nangangahulugan ng lahat-lahat sa kaniya, at wala siyang pakialam kung papaano niya ito makukuha, basta’t makuha niya ito. At pagkatapos na makuha niya ito, inakala niya na ang lahat ay maayos na, sapagka’t taglay na niya ang pagkapananganay. Inakala niya na ang bagay ay maayos na. Siya ay lumapit sa kaniyang kapatid nang siya ay gutom, dumarating mula sa bukirin, mula sa pagtatrabaho kasama ang mga baka at paghahanting ng usa. At ang kaniyang kapatid, siya—siya ay nangangailangan ng isang malaking palayok ng pagkain, mga ligaw na kagyus at—at mga bagay na sama-sama. Maaaring labis na nakakatukso kapag ang isang tao ay nagugutom, pagkatapos ng paglalakad sa buong maghapon. At ang kaniyang kapatid ay nagsabi, “Ako’y sadyang halos mahimatay na. Bigyan mo ako ng ilan nito.”

At ang sinabi niya, “Bueno, ako...kung ikaw ay susumpa sa akin na makakamtan ko ang pagkapananganay.” Kita n’yo? Wala siyang pakialam kung papaano niya ito ginawa, basta’t ito ay nakuha niya. At inakala niya, kapag nakuha niya ang pagkapananganay, iyan ay tapos na. [Si Kapatid na Branham ay kumatok ng apat na beses sa pulpito—Ed.]

<sup>79</sup> Pentecostes, doon ay kung saan kayo nagkulang! Inyong inakala na dahil kayo’y ipinanganak ng Espiritu, ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, ang Pagkapananganay, iyan ay tapos na.

Ngunit iyan ay pasimula lamang. Inyong naalaala sa mensahe ng—ng *Siya Ang Inyong Pakinggan*, kung papaano na ang anak, makaraan na ito ay ipananganak sa pamilya, naging isang anak na lalaki. Ito ay mayroong mga karapatan sa pagkapanganay, subali't ito ay kinakailangang mapatunayan, batang sinanay. At pagkatapos kung ito ay hindi mapatunayan na isang masunuring anak sa kalooban ng ama, kung gayon ito ay dapat na, bueno, hindi nito nakamtan ang—ang. . . hindi ang. . . naging tagapagmana. Wala itong mamanahing anoman, gayon ma'y ito'y isang anak, ngunit siya ay walang mamanahin kung siya ay hindi interesado sa gawain ng ama.

<sup>80</sup> At kaya nang ang Banal na Espiritu ay bumaba sa mga taong Pentecostal at sila'y nagpasimulang ipanumbalik ang mga kaloob at mga bagay na nasa iglesya noon; kanilang inakala, na dahil sila'y ipinanganak ng Espiritu, iyan ay tapos na. Ngunit, kita n'yo, mayroong pagpupuwesto ng isang anak. At pagkatapos na ang anak na ito ay mapatunayan bilang isang tunay na lugar, kung gayon siya ay dadalhin sa isang pampublikong lugar, at pagkatapos ay paupuin, at bibihisan ng mga damit, at paupuin doon; at pagkatapos mayroong pagpupuwesto ng anak, na mayroon siyang mana sa lahat ng bagay na mayroon ang ama.

<sup>81</sup> Ginawa ng Diyos ang gayon ding bagay sa Kaniyang Anak sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Siya ay naliliman ng. . . o isang alapaap, at nabagong-anyo, at ang Kaniyang damit ay nagliwanag tulad ng araw, at isang tinig ay nagsabi, "Ito ang Sinisinta Kong Anak Na Aking kinalulugdan." Si Moises at ang kautusan ay nabigo. At ito ay Siya, "Siya ang inyong pakinggan." Siya ay ipinuwesto. Kita n'yo?

<sup>82</sup> Ngayon inakala ni Jacob, sapagka't taglay niya ang pagkapanganay, ang lahat ng bagay ay tapos na.

Ganoon din ang ginawa ng mga taong Pentecostal, at sila ay nagsimulang magtatag, ang—ang oneness, threeness, at mga trinitarian, at lahat ng uri ng mga organisasyon, at nagtatalo-talo at naghahatakan sa isa't-isa, nagpapatunay na ang Tanda ay hindi nakikita. Maling hinala, inggit, pagkakampi-kampi, kita n'yo, ngunit diyan ito napunta.

<sup>83</sup> Ngayon, kita n'yo, inakala ni Jacob ang gayon ding bagay. Ngunit sa takot isang gabi, sa kaniyang sariling buhay, ang desperasyon ay dumating sa kaniya, nang kaniyang inakala na, "Doon lamang sa kabilang ilog doon, ang aking kapatid ay naghihintay para ako ay patayin. Gagawin niya iyon." Kita n'yo, ang pagkapanganay na kaniyang nakuha, ang siyang bagay na magiging sanhi ng kaniyang kamatayan.

At minsan iyang mismong bagay na inyong tinanggap, bilang Banal na Espiritu, Ito nga, at ipinanganak na muli ng Espiritu, kung hindi ninyo babantayan, siya ring bagay na iyan ang hahatol sa inyo sa katapusan. Iya'y tama. Ang mismong tubig na

nagligtas kay Noe, hinatulan ang sanglibutan. Ang bagay na—na inyong tatawaging panatissimo ay maaaring siya rin mismong bagay na hahatol sa inyo sa katapusan ng landas.

<sup>84</sup> Ngayon alam ni Jacob na ang kaniyang buhay ay nalalapat sa katapusan. Mayroon siyang isang mensaherong dumating na nagsabi sa kaniya na ang kaniyang kapatid, may kasamang apat na raang sandatahang mga lalaki, ay paparating upang katagpuin siya, nalalaman na siya ay—siya ay nasa kaniyang landas. Ang takot ay bumalot sa kaniya. Siya ay nagsugo ng isang lalaking pauna na may dalang baka, at mga hayop, at tupa upang gumawa ng isang alay ng kapayapaan kay Esau. At, pagkatapos niyan, siya ay nagpadala ng ibang grupo na may dalang ibang bagay. Pagkatapos siya ay nagpadala ng iba pang grupo na may dalang ibang bagay, sinisikap na katagpuin siya muna, upang subukang pawin ang kaniyang galit. Pagkatapos siya ay dumako sa pag-iisip, “Iyan ay hindi makapigil sa kaniya, sapagka’t siya’y maaaring higit na mayaman kaysa sa akin. Hindi niya kailangan ito.” Pagkatapos kinuha niya ang kaniyang mga asawa at ang kaniyang mumunting mga anak, at pinatawid sila, upang makita ni Esau silang mga mumunting mga anak at kaniyang mga asawa. At tiyak na sa kaniyang mga sariling pamangkin na babae at mga pamangkin na lalaki, hindi niya sila papatayin. Pagkatapos, siya, hindi pa rin niya magawa iyon. Alam ng Diyos kung paano hulihin ang isang tao. Tinawid ni Jacob ang batis. Doon siya ay lumuhod sa kaniyang mga tuhod.

Alam n’yo, siya ay medyo naging isang uri ng madayang tuso, bago iyan. Ipagpaumanhin ang pananalita, subali’t uri ng isang mumting . . . Siya ay isang Jacob. *Jacob* ang ibig sabihin ay “isang mandaraya,” at iyan nga siya. Ngunit mayroong bagay na dapat na mangyari sa kaniya. Doon sa desperasyon, doon nang ang kamatayan ay nailagay sa kaniyang harapan . . .

<sup>85</sup> Maaaring may mga kalalakihan at mga kababaihan na nauupo rito ngayong gabi, na, ang kamatayan ay nalalapat mismo sa inyong harapan. At ang tanging paraan na inyong magagawa upang kamtanin ang bagay na inyong ninanais, ay pumarito ng lubos na desperado. “Dapat kong makamtan ito, ngayong gabi. Kailangan makuha ito ngayon, o ako’y tapos na. Bukas lubos na huli na. Kailangan makuha ko ito ngayon!”

Kapag kayo ay nanalangin para sa bautismo ng Banal na Espiritu, ang Tanda, huwag sabihing, “Bueno, ngayon ako’y tutungo at susubukin. Panginoon, ako, ako’y medyo pagod.” Oh, habag, manatili sa inyong upuan! Ni huwag—ni huwag gumawa ng pagtatangka. Kung kayo ay paririto, sabihin, “Ako’y magdaraan sa hanay ng panalangin; ilagay ang langis sa aking ulo, titignan ko kung makakabuti sa akin,” makakabuti pang maupo sa inyong kinaroroonan. Hanggang sa kayo ay humantong sa dakong iyon, hanggang ang buong iglesya ay

humantong sa isang dako, na ito'y sa pagitan ng kamatayan at buhay, dapat ninyong makamantan Ito ngayon o mapahamak, kung gayon ang Diyos ay kikilos sa tagpo. Kinakailangan ang desperasyon upang dalhin ang Diyos sa tagpo.

<sup>86</sup> Si Jacob ay umiyak ng hindi pa kailanman nangyari tulad noon. Labis na desperado siyang tumawag hanggang sa kaniyang mahawakan ang Diyos. At nang magawa niya, siya'y nakipagbuno; hindi sa loob ng labinlimang minuto. Siya'y nakipagbuno upang mapanatili Siya, sa kaniyang kaluluwa, buong magdamag; at gayon man alam niya na hindi pa rin niya taglay ang pagpapala, at siya ay may kakayahan na manghawakan hanggang ang pagpapala ay dumating. Siya ay nakipagbuno ng labis na desperado hanggang ang pagpapala ay dumating. Pagkatapos, at nang kaniyang nakita . . . hanggang ang Diyos ay dumating sa tagpo. At pagkatapos, sa kawalang-pagasa, "hindi Kita papayagang umalis," nang kaniyang maramdaman ang pagpapala ay bumababa sa kaniya.

Maraming mga tao ang nagsasabi, "Luwalhati sa Diyos, taglay ko ito na ngayon." Doon kayo'y nadaya. Oo! Mayroong nagsasabi, "Oh, ako'y sadyang nakakaramdam ng mabuti, Kapatid na Branham, ako'y pumaroon at nanalangin. O, mga pangingingin ay gumapang sa akin." At iyan ay maaaring ang Diyos. "Nakakita ako ng isang malaking liwanag sa harapan ko." Iyan ay maaaring ang Diyos pa rin, subalit hindi iyan ang tinutukoy ko.

<sup>87</sup> Ang sabi ng Biblia, sa Mga Hebreo ang ika-6 na kabanata, "Ang ulan ay bumubuhos sa matuwid at sa 'di-matuwid," [Si Kapatid na Branham ay kumatok ng pitong beses sa pulpito—Ed.] "sadyang pareho." Ngayon, kumuha kayo ng trigo, at kumuha ng panirang damo, at ilagay sila sa bukid. At ang ulan ay tunay na ipinadala para sa trigo, subali't ang ulan ay bumuhos sa mga panirang damo tulad ng pagbuhos nito sa trigo. At, ang ulan, at ang mga panirang damo ay sadyang kasing saya dahil sa ulan tulad ng trigo, at ito'y gayon ding mismong ulan. Ang mismong Banal na Espiritu ay maaaring bumagsak sa isang 'di-mananampalataya at gawin siyang kumilos na katulad na katulad ng kilos ng isang mananampalataya. Ngunit sa kanilang mga bunga sila ay makikilala; iyan ang aking tinutukoy, iyan ang Tanda. At Da- . . .

<sup>88</sup> At si Jacob, pala, sa desperasyon, kaniyang sinabi, "alam ko naramdaman Kita, Ika'y narito kasama ko, ngunit hindi Kita papayagang maka-alis."

Mayroong nakakakitang ito ay mainam, ang unang munting sensasyon, sila ay tatayo at lulundag pataas-at-pababa, magtatakbo sa pasilyo, sasabihing, "Ito'y nakuha ko na, Ito'y nakuha ko na, Ito'y nakuha ko na." Oh, hindi. Huh-uh. Hindi.

Si Jacob ay nanatili roon hanggang sa mayroong bagay na nangyari, na ginawa siyang lumakad ng kaiba, ginawa siyang isang kaibang tao, sapagka't siya ay nanatili hanggang sa iyan ay nangyari. At kaya niyang. . . Ang sabi ng Biblia, "Siya ay nanghawakan hanggang sa siya ay manaig." Papaanong ang isang tao ay makakapanaig sa Diyos. Ngunit magagawa n'yo ito. Magagawa n'yo ito. Ang isang tao ay makakapanaig sa Diyos.

<sup>89</sup> Minsan mayroong isang lalaki na nagngangalang Hezekkias, sinabihan ng propeta, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ika'y mamamatay." Si Hezekkias ay ipinihit ang kaniyang mukha sa pader, at sa desperasyon siya ay umiyak, "Panginoon, alalahanin ako. Ako'y lumakad sa harapan Mo na may isang sakdal na puso, at ako'y nangangailangan pa ng labinlimang taon," pagkatapos na sabihin sa kaniya ng Diyos na mayroong bagay na magaganap, siya ay mamamatay. At, sa desperasyon, kaniyang binago ang programa ng Diyos. Desperasyon, mangyari, siya ay umiyak ng napakapait sa desperasyon.

<sup>90</sup> Si Jacob ay nanatili doon hanggang sa ang pagpapala ay dumating, at binago ang kaniyang pangalan mula sa "isang mandaraya" sa "isang prinsipeng kasama ng Diyos." Maging ang bansa ay tinawag sa kaniyang pangalan. Oo, ginoo! Ano nga ito? Ang resulta ay sapagka't siya ay naging desperado patungkol sa bagay. At ng sumunod na araw nang kaniyang makatagpo si Esau, hindi niya kailangan ng anopa mang mga bantay. Siya ay lumakad palabas at kinatagpo siya. Kita n'yo? Bakit? Siya ay napasa-desperasyon hanggang makamtan niya ang katiyakan.

At kayo ay magiging desperado hanggang sa inyong makamtan ang katiyakan. Kung hindi ninyo gagawin, ni huwag pumarito upang mapanalanginan. Ni huwag pumarito upang magpunta sa altar. Maghintay hanggang sa ito'y sa pagitan ng buhay at kamatayan, sa inyo, kung gayon may bagay na mangyayari. Tiyak, desperasyon!

<sup>91</sup> Si Ruth ay naging desperado, minsan, nang siya ay nakatayo sa tabi ni Noemi. Siya ba ay babalik sa kaniyang bayan, sa lahat ng kaniyang iniibig, at lahat ng kaniyang— kaniyang sinasamba, ang kaniyang mga diyos at kaniyang bayan, o siya ba ay mananatili kay Noemi? Anong dapat niyang gawin? At siya ay napasa desperasyon, at siya ay sumigaw, "Kung saan ka pupunta, ako'y pupunta. Kung saan ka titira, ako'y titira. Kung saan ka mamamatay, ako'y mamamatay. Kung saan ka ililibing, aking ililibing. . . o ako'y maililibing. At ang iyong Diyos ay magiging aking Diyos." Hayan nga kayo, desperado! Ang Diyos ay pinagpala siya, binigyan siya ng isang anak na lalaki, si Obed. Si Obed ay anak si Jess. Si Jess ay anak, sa pamamagitan ni Jess, dumating si Jesus. Sapagka't, desperasyon!

<sup>92</sup> Tulad ng munting patutot, si Rachab, siya ay desperado. Nalalaman niya na ang kamatayan ay nakalatag sa kaniyang harapan. Siya ay nasa ilalim ng kahatulan. At siya ay naging desperado, sabi, “Itatago ko kayong mga espiya. Gagawin ko ang ano mang bagay. Lamang, isumpa sa inyong Diyos, at ang aking tahanan ay mananatili.” Hayan kayo.

Sabi niya, “Aking. . . Kung iyong kukunin ang tanda na ito, ito’y mananatili.”

<sup>93</sup> Si Eliazar ay naging desperado nang ang responsibilidad ay naiatang sa kaniya upang maghanap ng isang nobya para kay Isaac. Si Eliazar ng Damascus ay isang dakilang lalaki. Siya ay tinangkilik ni Abraham, at siya ay pinagkakatiwalaan ni Abraham upang humayo at maghanap ng isang nobya, isang tamang uri ng isang nobya, para sa kaniyang anak, si Isaac. Sa pamamagitan niyan ay darating si Cristo.

<sup>94</sup> Ngayon, si Eliazar, bilang isang espirituwal na lalaki, nalalaman kung ano ang kahalagahan nito. Ang tamang uri ng isang babae ang dapat na maging—maging asawa ng lalaking iyan. At paano niya mapipili ito? Sa oras ng kaniyang desperasyon, nang siya ay dumating sa kabayanan, siya ay nanalangin at sabi, “Panginoong Diyos!” Iyan ang dapat. Kapag kayo ay naging desperado, tumungo sa pananalangin. “Panginoong Diyos, hayaang ang unang dalaga na paparito at painumin ang kamelyo, at bigyan ako ng inumin, iyon na.” Siya ay nanalangin sa oras ng kaniyang desperasyon.

<sup>95</sup> Si Rebecca, ang magandang dalaga, dumating, pinainom ang kamelyo. At pagkatapos sabi niya, “Huwag mo akong abalahin sa aking daan.” Siya ay kailangang humantong sa isang panahon ng pagpapasya kung siya man ay sasama. Siya ay tipo ng Nobya. Siya ba—siya ba ay sasama at magpakasal sa isang lalaki na hindi pa niya nakita? Ngayon, iya’y isang malaking bagay. Ni hindi pa siya nakita, gayon may narinig lamang niya sa kaniyang alipin.

<sup>96</sup> Iya’y isang tipo ng Nobya. Hindi pa ninyo nakita si Cristo. Ngunit inyong napakinggan, sa pamamagitan ng Kaniyang mga alagad, kung ano Siya. Inyong ipinagbili ang lahat ng bagay, iniwan ang inyong mga tahanan, lahat ng iba pang mga bagay na dapat, upang tumungo para masumpungan Siya. Ngayon pansinin, at kaniyang ginawa ang pasya, isang tipo ng Nobya, iniwan ang kaniyang tahananang denominasyonal, kita n’yo, upang sumama.

<sup>97</sup> Si Jonas, itinapon palabas ng barko sa panahon ng bagyo, sa ilalim ng dagat, sa loob ng tiyan ng balyena. Lahat ng pag-asa ng pagkaligtas ay wala na. Subali’t nangyari na pumasok sa kaniyang isipan na si Salomon, sa paghahandog ng templo, sabi, “Panginoon, kung ang bayan ay mapasa kagulumihan saan man, at sila’y pipihit patungo sa templong ito at manalangin,



kung gayon ay dinggin.” At sa pagpihit sa loob ng tiyan ng balyena, nagawang dumako kung saan upang lumuhod, naiisip ko, na ang suka ng balyena ay bumabalot sa kaniya.

Doon siya ay nanalangin sa desperasyon. At doon, desperado; sa kakaunti lamang na mga hininga ng oksigen ang tanging mayroon siya sa loob ng tiyan ng balyena. At sa kanila na kaunting mga hininga na kaniyang kinukuha, marahil ay hindi niya alam kung saan siya nakaharap, at ang sabi, “Panginoon, ako’y naniniwala na ako’y tumitingin pataas tungo sa Iyong templo.” At sa kakaunti lamang na mga hininga upang magpatuloy, sa desperasyon, nanalangin, sa ilalim ng mga pagkakataon na iyon. Hindi pa nangyari noon, ngunit siya ay desperado. Siya ay nanalangin, at ang Diyos ay pinanatili siyang buhay sa loob ng tatlong araw at mga gabi, at iniligtas siya doon sa dako upang ipahayag ang kaniyang mensahe. Desperasyon!

<sup>98</sup> Si Hannah, isang baog na babae sa Biblia, nais niya ng isang anak na lalaki, at siya ay nagayuno para sa kaniya. At siya ay nagayuno at nanalangin hanggang sa maging ang saserdote sa templo ay inakala na siya ay lasing. Siya ay nasa gayong desperasyon! Na ang ibang mga kababaihan ay tinitignan kung anong uri ng bonete ang suot ng iba; at nalalaman ninyo kung papaano ang nangyari; at ang isa pa ay tinitignan kung anong klase ng damit ang kanilang suot, at nag-uusap tungkol sa mga bagay na nagaganap doon sa bukirin. Subali’t ngunit hindi si Hannah; siya ay lumakad sa gitna ng karamihan at nagtungo sa altar. Siya ay nag-aayuno. Nais niya na ang kaniyang kahihyan ay maalis.

Laking kaibahan nito ngayon. Halos isang kahihyan ang magkaroon ng anak. Noon ay—ay isang kahihyan ang hindi magkaroon ng isa.

At siya ay lumuhod sa kaniyang mga tuhod. At ni hindi niya napansin ang karangalan ng templo. Ni hindi niya napansin ang marangal na saserdote habang siya ay lumalabas. Siya ay nasa labis na pighati hanggang sa ang kaniyang mga luha ay umaagos sa kaniyang mga pisngi, at siya umiyak, sa desperasyon, “Oh Panginoong Diyos, bigyan ako ng isang anak na lalaki. Bigyan Mo ako ng anak na lalaki!”

<sup>99</sup> At, pansinin, siya ay hindi makasarili. Nang siya ay dininig ng Diyos, at tinugon ang kaniyang panalangin at binigyan siya ng isang anak na lalaki, ibinalik niya siya sa Diyos. At sapagka’t siya ay handang hindi maging makasarili pagkatapos na tugunin ng Diyos ang kaniyang panalangin, binigyan Niya siya ng isang propeta. Oh, iyan ay isang dagdag na pagpapala. Oh, Siya’y sadyang puno niyaon, yaong mga munting dagdag na mga bagay na Kaniyang ibinibigay. Hindi lamang anak na lalaki, kundi isang propeta. At doon ay wala pang lantad na pangitain sa maraming, maraming mga taon, sa Israel. Si Samuel, ang unang

propeta, sa maraming, maraming mga taon, sapagka't isang ina ay naging desperado; na siya ay hindi magkaroon ng mga anak, at siya ay lipas na sa panahon ng panganganak, marahil ay mga animnapu, pitumpong taong gulang. At siya ay nanalangin na may desperasyon, kailangan niyang makamtan ang batang ito! Ano ito? Ang Diyos ay nangusap sa kaniya, walang alinlangan.

<sup>100</sup> Kayo ay hindi magiging desperado hanggang ang Diyos ay mangusap sa inyo. Oh, Iglesia, tumayo at yugyugin ang inyong sarili! Kurutin ang inyong budhi, gisingin ang inyong sarili, sa oras na ito! Tayo ay dapat na maging desperado, o mapahamak! Mayroong bagay na paparating mula sa Panginoon! Alam ko ito ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Mayroong bagay na paparating, at tayo ay mas makabubuting maging desperado. Ito'y sa pagitan ng Buhay at kamatayan. Ito'y magdaraan sa atin at hindi natin makikita ito.

<sup>101</sup> Sapagka't sa siya ay hindi makasarili, siya pinagkalooban ng isang propeta.

<sup>102</sup> Ang babaeng Shunamita ay mayroong isang munting batang lalaki na ang propeta ay ipinangusap ang Salita ng Panginoon, bagama't siya ay matanda na at ang kaniyang asawa ay matanda na. Sila ay walang mga anak, subali't siya ay mabait dito sa—sa propetang ito. At alam niya na siya ay isang tao ng Diyos. Kaniyang nakilala na siya ay kagalang-galang, isang tunay na tao. Siya ay pumasok sa bahay, ang kaniyang asawa ay wala doon, at kung ano pa. Siya ay isang banal na tao. Kanilang nakikita na siya ay isang taong kagalang-galang. Nakita niya siyang gumawa ng mga tanda at mga kababalaghan. Narinig niya siyang magsabi ng mga bagay na naganap. Siya ay isang kagalang-galang, banal na tao.

Sinabi niya sa kaniyang asawa, “napagkikilala ko na ang taong ito na nanunuluyan sa atin ay isang banal na tao.” Ang mahinhing babae ng bahay, alam niya na siya ay isang banal na tao. At siya ay nagtayo ng isang maliit na bahay doon para sa kaniya, upang siya ay hindi magalangan. Siya ay maaaring tumuloy kung kailan niya gusto, at iba pa. Siya ay naglagay ng isang—isang maliit na highaan doon, at isang—at isang banga ng tubig, at iba pa, upang mahugasan niya ang kaniyang sarili at magkaroon ng maiinom. At kaniya marahil inuutusan ang katulong, o iba, ang mayordomo, na may—may dalang pagkain para pakainin siya, at pumaroon at mag-anyaya sa—sa araw na iyon sa kaniya, o iba pa.

<sup>103</sup> At, kaya, nang makita ni Elias ang kabutihang loob na ito na nagawa sa kaniya. At nasusulat, “Kung ano ang inyong gawin sa Aking mga mumunti, ay ginawa ninyo sa Akin.” Kaya nakita niya iyan, ang babae ay iginagalang ang Diyos sa kaniyang paggalang sa propetang ito, na kaniyang nakita ang Diyos sa propeta. At, kaya, wala siyang nais na ano pa man para dito.

Wala sa kaniyang puso ang ano man. Kaniya lamang ginawa ito sapagka't mahal niya ang Diyos. Hindi niya ginawa ito para sa ano mang pagpapala. Basta't ginawa niya lamang ito.

<sup>104</sup> Ngayon, ngayon sinabi ni Elias, “Magpunta ka at tanungin siya, ako ba’y makikipag-usap sa hari para sa kaniya? Ako’y isang personal na kaibigan. O, ang punong kapitan, aking—aking kilala siyang maigi. Mayroong ilang pagtangkilik, bagay na magagawa ko para sa kaniya, nais kong pagkalooban siya ng isang bagay para sa kung papaano siya naging mabuti sa akin. Kaniyang—kaniyang pinakain ako. Pinatulog niya ako sa mga higaaan. At—at siya’y labis na naging mabuti sa atin. Ngayon anong magagawa ko?”

Sabi niya, “Hindi, ako’y mananatili na lamang sa aking bayan. Kami’y—kami’y mabuti. Mayroon kaming kabuhayan, at iyan lamang. Wala kaming kailangang anoman.”

At ang sabi ni Gehasi sa kaniya, “Ngunit siya ay walang ano mang mga anak.”

<sup>105</sup> Hindi pa higit na nakita ni Gehasi, walang alinlangan ang propeta ay nakakita ng isang pangitain, dahil sabi niya, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Magpunta sabihin sa kaniya, sa tamang panahon, o sa tamang pagkakataon, isang taon mula ngayon, siya’y yayakap ng anak na lalaki.”

<sup>106</sup> At ang anak na lalaki ay isinilang. Nang siya ay mga labingdalawang taon gulang... Gaano marahil kamahal ng matandang mag-asawang yaon itong munting batang lalaki, ang kanilang kaisa-isang anak. At isang araw siya ay nasa labas naggagapas ng trigo, kasama ang kaniyang tatay. Maaaring mga kalagitnaan ng tanghali, siya ay nagkaroon ng sunog ng araw, palagay ko, sapagka't siya ay nagsimulang sumigaw, “Ang ulo ko.” Siya ay lumala nang lumala. Ang kaniyang tatay ay kailangang iuwi siya mula sa bukid, at iyon ay isang kagipitan doon, na siya ay nag-utos ng isang alipin, at pinauwi siya.

<sup>107</sup> Ang ina ay tinanganan siya sa kaniyang kandungan hanggang humapon, at siya ay namatay. Pansinin, ang kaniyang tanging anak, na ipinagkaloob sa kaniya ng Panginoon, sa pamamagitan ng panalangin at ng pangako ng isang propeta at GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Alam niya na mayroong bagay na mali kung saan. Ito’y sadyang hindi maaari. Papaanong ipagkakaloob ng Diyos sa kaniya ang anak na lalaking iyon at hayaan ang kaniyang—kaniyang pag-ibig ay mapasa batang iyon? Gayon ma’y hindi siya humiling para doon. Siya’y napakataanda na upang magkaroon nito. Ang kamay ng Diyos ay kailangang ipahayag ito. Isang tao ay ipinangusap ito, ang propeta. At doon ang batang ito sa ganitong kalagayan, ay namatay, ang kaniyang tanging anak.

Kaya sinabi niya sa alipin, “Ipaghanda mo ako ng isang mola, at ikaw ay sumakay, at huwag kang hihinto. Kung ang

sinoman ay magsubok na pigilan ka, huwag kang magsasalita, at ikaw ay magpatakbo diretso sa Bundok Carmel. Doon sa taas sa isang kuweba kung saan, tumigil, mayroon doong isang lingkod ng Kataas-taasang Diyos; ang siyang nagsabi sa akin, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, makakamtan ko ang sanggol. Nais kong malaman kung bakit ginawa ito ng Diyos.” Kaya sabi niya. . . “Pumunta ka diretso pasulong at huwag mong pipigilan ang mola na iyan. Hayaan siyang tumakbo ng husto ng lahat ng bagay na nasa kaniya. Hayaan siyang tumakbo hanggang sa ikaw ay makarating doon.” Desperasyon!

<sup>108</sup> At si Elias ang propeta ay tumayo, tumingin, at sabi, “Heto dumarating ang Shunamitang iyon, at, siya, may bagay na mali sa kaniya. Ang Diyos ay itinago ito sa akin. Hindi ko alam kung anong mali.” Sabi, “Magpunta ka, salubungin siya. Ako’y mayroong. . . Tayo’y magmadali. Mayroong bagay na mali.”

Desperasyon ay pumasok sa propeta, desperasyon ay nasa babae. Kita n’yo, sila ay nagsasalubong; isa ay nagnais malaman kung ano ang Salita ng Panginoon, at ang isa pa ay hindi alam kung ano ang Salita ng Panginoon. Hayan na kayo. Ang isa ay nagnais malaman, at ang isa ay hindi pa alam. Ang babae ay nais na malaman iyon, at ang propeta ay hindi alam iyon. Sabi, “Ang Diyos itinago ito sa akin. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin sa kaniya kapag siya’y dumating dito.”

Kaya siya ay halos naroroon na noon. Itinaas niya ang kaniyang kamay, sabi niya, “Lahat ba ay mabuti sa iyo? Lahat ay mabuti sa iyong asawa? Lahat ba ay mabuti sa bata?”

<sup>109</sup> Ngayon, ang babae ay narating ang wakas ng kaniyang desperasyon. Sabi niya, “Lahat ay mabuti!” Luwalhati! “Lahat ay mabuti!” Ang kaniyang desperasyon ay tapos na. Natagpuan niya ang lingkod ng Panginoon. Kung siya ay wala roon, siya’y mananatiling nasa desperasyon pa rin. Subali’t, kita n’yo, siya ay naroon. Sabi niya, “Lahat ay mabuti!”

Naisip ni Eliseo, “Buena, anong nangyayari ngayon?”

<sup>110</sup> Kaya siya ay tumakbo at nagpatirapa sa kaniyang paanan. Iyan ay para bang hindi pangkaraniwan, kaya si Gehasi ay itinayo lamang siya. Sabi, “Pabayaang mo siya, huwag mong gawin iyan.” Sabi ni Elias sa kaniyang lingkod, “Huwag mong gawin iyan. Pabayaang mo siya. Mayroong bagay na mali. Itinago ito ng Diyos sa akin.” Sa gayon inihayag niya sa kaniya na ang bata ay patay.

<sup>111</sup> Ngayon, ang propeta ay hindi alam kung ano ang gagawin. Sabi niya, “Gehasi, dalhin mo ang tungkod na ito na aking ginamit sa paglakad.” Alam niya na ano man ang kaniyang hawakan ay pinagpala, ‘pagka’t ito’y hindi siya, ito’y Diyos na nasa kaniya. Alam niya kung sino siya. Alam niya na siya ay isang propeta. Kaya dinampot niya ang tungkod na ito at sabi, “Gehasi, dalhin mo ito, at pumaroon ka at ipatong ito

sa bata. At kung ang sinoman ay makipagusap sa iyo, ikaw ay maging desperado. At huwag kang babati sa kanino man, at huwag hayaang. . . Basta't magpatuloy ka, huwag mangusap kahit kanino. Ipatong ito sa bata.”

<sup>112</sup> Subali't, ang babae, hindi niyon winakasan ang kaniyang desperasyon. Hindi iyon naging sapat sa kung ano ang kaniyang ipinaroon. Sabi niya, “Habang ang Panginoong Diyos nabubuhay, ako'y—hindi kita iiwan hanggang sa ikaw ay pumaroon tumulong sa bata.”

<sup>113</sup> At si Elias ay naging desperado. At narito siya ay pumunta, pababa sa daan, siya at ang babae. At nang sila ay makarating doon, ang. . .lahat ng mga tao ay nasa labas sa bakuran, sumisigaw at umiiyak. At ang babae ay nagawa ang pinaka-angkop na bagay na maaaring gawin. Kinuha niya ang bata at inihiga siya sa highaan kung saan si Elias ay nahiga. Iyan ay kasing buti ng kaniyang tungkod. At siya ay hindi nagising doon, kaya ang bagay ay hindi gumana. Nais niyang malaman ang bagay na kaiba.

<sup>114</sup> Ang propeta ay pumasok. Ngayon siya'y nasa desperasyon. Ngayon ano ang kaniyang gagawin? At ating nasumpungan sa Biblia na siya ay lumakad na pabalik-balik, desperado. “Wala na akong alam na gawing iba pa, Panginoon. Narito ako. Sinabi Mo sa akin na sabihin iyan sa babaeng iyan, at GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At iyon ay eksakto sa paraan na pagkakasabi ko sa kaniya, sapagka't sinabi Mo sa akin. Ngayon, naroon siya'y nasa kagulumihanan, at hindi ko alam kung ano ang gagawin. Naroon nakahiga ang isang patay na batang lalaki. Anong magagawa ko, Panginoon?”

<sup>115</sup> Walang alinlangan ang Banal na Espiritu ay nagsabi, “Kung ang Diyos ay nasa iyo, kung gayon ipatong mo ang iyong sarili sa bata.” Unang bagay alam n'yo, siya huminto, tumakbo at inilagay ang kaniyang mga kamay sa ibabaw ng kaniyang mga kamay, ang kaniyang ilong sa ilong nito, ang kaniyang labi sa labi nito. At nang kaniyang ipatong ang kaniyang sarili dito, ang bata ay bumahing ng pitong beses. Ang desperasyon ay tapos na.

Ang bata ay nabuhay, sapagka't ang desperasyon na iyon ay nagtulak sa babae sa propeta, at ang desperasyon ay nagtulak sa propeta patungo sa bata. At ang desperasyon sa kanilang pareho ay hinatak ang Diyos sa tagpo. Na may pag-ibig ng Diyos, at pag-ibig para sa kaniyang bayan, ibinaba ang pag-ibig ng Diyos, at itinulak ang pananampalataya palabas sa unahan ng labanan, at ang gawa ay natapos. Ang kaso ay natapos. Amen! Iyan nga. Ang desperasyon ay ginawa ito. Tiyak! Siya ay hindi aalis.

<sup>116</sup> Ang Bulag na Bartimeo naisip na si Jesus ay lalagpasan siya, nakaupo doon sa may tarangkahan, bulag na pulubi, para sa limos. Ang unang bagay alam n'yo, nakarinig ng isang ingay; si Jesus ay nagdaraan. Sabi niya, “Sino ang nagdaraan?” Mayroong

nagtulak sa kaniya paibaba. Sabi niya, “Pakiusap, sinoman, sino ang nagdaraan?”

Isa sa kanila, bueno, maaaring isang alagad na babae, sabi sa kaniya, sabi, “Ginoo, hindi mo ba alam kung sino ang siyang nagdaraan?”

“Hindi. Narinig ko ang ilan sa kanila ay nagsasabi, ‘Mayroon ditong isang buong libingang puno ng patay na mga tao. Kung Iyong binuhay ang patay, pumaroon buhayin sila! Ito ba ay isang mamumusong o kung sino?’”

“Hindi. Narinig mo na ba ang Propetang iyon ng Galilea, ang binatang Propetang iyon na tinatawag na Jesus ng Nazaret?”

“Hindi.”

“Bueno, alam mo, sa Biblia sinasabi nito sa ating mga kasulatan na ang Anak ni David ay maibabangon upang maupo doon. Siya iyon.”

“Siya ba iyon? Siya ba iyon, at Siya’y nagdaraan?”

Ang desperasyon ay nagtulak sa kaniya upang sumigaw, “O Jesus, Ikaw na Anak ni David, maawa Ka sa akin!”

Huwag akong lagpasan, O mabait na  
Tagapaligtas  
Dinggin ang aking mababang pagsamo;  
Habang sa iba Ikaw ay tumatawag,  
Ako’y huwag Mong lagpasan.

“O Jesus!”

Ang ilan sa kanila ay nagsabi, “Tumigil ka! Ikaw ay labis na nag-iingay.”

<sup>117</sup> Subali’t siya ay desperado. Kung Siya ay lumampas, siya marahil ay hindi na magkakaroon pa ng iba pang pagkakataon. Maaring hindi rin tayo magkaroon; ito na marahil ang huling gabi. Desperasyon! Siya ay sumigaw, “O Jesus!” Maging sinoman ang magsabi sa kaniya na tumigil, siya ay sumigaw pa rin, ng mas malakas pa. Nang kanilang sabihin sa kaniya na tumigil, ito’y ginawa siyang sumigaw ng mas malakas pa. Siya’y desperado. Walang sino mang makapigil sa kaniya. “Ikaw na Anak ni David, maawa sa akin!” At siya’y sumigaw sa desperasyon.

<sup>118</sup> At ang Anak ng Diyos, na taglay ang mga kasalanan ng sanglibutan sa Kaniyang mga balik, papunta sa Jerusalem upang maihain, noon mismo, para isang hain para sa sanglibutan, huminto sa Kaniyang paglakad. Desperasyon, isang sigaw na nawawalan ng pag-asa, pinigil ang Anak ng Diyos. Sabi, “Anong nais mong gawin Ko para sa iyo?” Oh!

Sabi, “Panginoon, na aking matanggap ang aking paningin.”

Sabi, “Humayo ka, ang iyong pananampalataya ay iniligtas ka.”

Iyan ay sapat na. Desperasyon! Kapag ang desperasyon ay tatanggap ng isang bagay, ang pinaka mahinang maliit na hipo, ay susunggaban ito ng pananampalataya. Kita n'yo? Hindi niya sinabing, “Ngayon sandali lamang, sandali lamang, manatili diyan sandali, tingnan ko kung nakakakita na ako ngayon. Hindi ko pa nakita ang aking mga kamay, sa maraming mga taon. Tingnan natin kung makikita ko ito. Wala pa rin akong nakikita.” Nang sabihin ni Jesus, “Ang iyong pananampalataya ay iniligtas ka,” iyan ay sapat na. Iyon lamang ang nais niya.

<sup>119</sup> Ang desperasyon ay tumatawag para sa isang bagay, at kapag ang isang bagay, maging ito man ay napakahina, ito’y tinanggap, ito’y sinampalatayanan noon mismo, sapagka’t ang pananampalataya ay sumasalo kapag ang desperasyon ay itinutulak ito. Kita n'yo? Ang pag-ibig doon ay humahalo dito at dinadala ito doon. Ang desperasyon ay ginagawa ito.

Ang Bulag na Bartimeo ay nakuha kaagad ang pangitain.

<sup>120</sup> Si Pedro, siya ay labis na balisa, isang gabi doon sa dagat, nang siya ay mapasa desperasyon. At siya ay nagsimulang sumigaw, “May bagay na mali. Nakikita ko ang isang espiritu na paparating, lumalakad tungo sa akin!” Ang bangka ay halos lumubog na. Sabi niya, “Kung iyan ay Ikaw, Panginoon, anyayahan akong lumapit sa Iyo sa ibabaw ng tubig.” At siya ay humakbang bumaba palabas ng bangka at nagpasimula; at siya ay natakot nang siya ay nagpasimula, at siya ay nagsimulang lumubog, at desperasyon. . . Bagaman isang pagkakamali, sa pagsisikap na sumunod sa mga utos ng Diyos, . . . umaasa akong naunawaan ng iglesya iyan. Ang lalaki ay ginagawa kung ano ang sinabi sa kaniya ng Diyos na gawin.

<sup>121</sup> Ngayon, kayo na Cristiyano ngayong gabi, kayo’y nasa linya ng tungkulin, nagsisikap na sundin ang pangunguna ng Banal na Espiritu; at ang kanser ay kinapitan kayo, o isang—isang kamatayan ay kinapitan kayo, isang kanser, tuberkular, ano man ito. Nasa linya ng tungkulin, kayo ay mayroon ding ganoong karapatan na mayroon si Pedro.

“Panginoon, iligtas ako, o ako’y mapapahamak.” Sa desperasyon siya ay tumawag, at isang kamay ay umunat at iniahon siya. Kayo ay mayroon ding gayong bagay. Ngunit siya ay sumigaw, “Iligtas ako, Panginoon!”

Narinig Niya ang aking kawalang pag-asang sigaw,

Mula sa tubig ay iniahon ako, ngayon ako’y ligtas na. Kita n'yo?

<sup>122</sup> Iyan nga, kapagka kayo’y sumigaw!

<sup>123</sup> Marahil ang babaing ito, ina, ano man ito sa kaniya, isang munting anak na lalaki, o isang apong lalaki, o pamangkin na lalaki, maging ano man, sumigaw sa kawalang pag-asa. Dininig ng Diyos.

<sup>124</sup> Pagkatapos ating nasumpungan na, sa paglubog, ang Diyos ay dininig siya. Nasa linya ng tungkulin, siya ay nagsimulang lumubog. Siya'y nabigo. Kahit na kayo ay mabigo, iyan ay walang kinalaman dito. Lahat tayo ay nabibigo. Tayo'y isang kabiguan, sa pasimula pa. Subali't mayroon tayong Kasama ngayon na tumatayo na may isang malakas na kamay, Na makakaabot sa atin at madadala tayo sa ibabaw ng tubig.

<sup>125</sup> Kung kayo'y nakagawa ng isang pagkakamali, ilang babae ay nakagawa ng isang pagkakamali, ilang lalaki ay nakagawa ng isang pagkakamali, ilang batang lalaki o batang babae ay nakagawa ng isang pagkakamali; huwag lumubog. Sumigaw, sa kawalang-pag-asa, "Panginoon, ilitas ako, o ako'y mapapahamak!" Maging desperado patungkol dito. Ang Diyos ay diringgin kayo. Palagi Niyang dinirinig ang isang desperadong kaluluwa. Iyan ang ibig kong sabihin sa inyo.

<sup>126</sup> Ang ating mahal na Panginoong Jesus, Siya Mismo, sa pinakamalaking dako ng labanan sa sanglibutan, Gethsemane, Siya ay sumigaw, sa kawalang-pag-asa. Kukunin ba Niya ang mga kasalanan ng sanglibutan, o Siya ba ay mananatili na lamang sa lupa kasama ang Kaniyang sinisintang mga alagad, ano ang nais Niyang gawin? Subali't masdan ang Kaniyang kapakumbabaan ng ipakumbaba Niya ang Kaniyang sarili, "Hindi ang Aking kalooban kundi ang sa Iyo ang maganap," ipinakumbaba ang Kaniyang Sarili sa Salita, ang ipinangakong Salita ng Diyos ng Langit.

Pansinin, pagkatapos, Siya ay napagpatuloy palayo ng kaunti. At kung Siya ay nagpatuloy ng kaunti, gaano pa kaya tayo na dapat magpatuloy ng kaunti. Kita n'yo? At pansinin, ang Kasulatan ay sinasabi rito, sa Lucas, na Siya ay nanalangin ng maningas. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung si Jesus ay kailangang manalangin ng maningas, gaano pa kaya tayo na dapat manalangin ng maningas. Kung si Cristo, ang Diyos ng Langit, nagkatawang tao, ay kailangang manalangin ng maningas, kung gayon gaano pa kaya tayo, mga makasalanang iniligtas sa pamamagitan ng biyaya, ay manalangin ng maningas! Kung-kung ang pagpapasya ay inilagay ang Anak ng Diyos sa kawalang-pag-asa, anong gagawin nito sa inyo at sa akin? Lubos na desperadong tayo ay dapat na sumigaw.

<sup>127</sup> Ang Diyos, sa mga huling araw na ito, ay inihayag ang Kaniyang sarili ng lubos sa atin, sa Kaniyang dakilang mga tanda at kapangyarihan, ay dapat na gawin tayong desperado. Iya'y tama. At ang Kaniyang kalooban na tayo ay pagalingin at ilitas tayo, dapat na ilagay tayong lahat sa desperasyon upang makarating sa Batong iyan na nagpapagaling. Iya'y tama.

<sup>128</sup> Tingnan, kung si Florence Nightingale... Ang kaapo-apohan ng naunang Florence Nightingale na nagtatag sa Red



Cross. Nakita n'yo ang kaniyang larawan sa isang aklat, tumitimbang ng mga tatlumpong libras. Ang kanser ay kinain siya. Sa London, Englatera; dinala nila siya mula sa Aprika, patungong London, Englatera. At doon sa kawalang-pag-asa . . . Si Kapatid na Bosworth ay sumulat at sinabi sa kaniya, sabi, "Kami ay hindi makakapunta sa Aprika."

<sup>129</sup> Siya ay sumulat pabalik, kinakailangan ang nars upang sumulat at sabi, "Hindi ako maaaring igalaw. Hindi ko magagawa iyon."

Ipinakita ang larawan. Nakita ninyo ang larawan. Lamang ay kailangan naming maglagay ng isang maliit na piraso sa ibabaw nito. Mayroon lamang maliit bigkis palibot. Naisip ko baka mayroong iba, ilagay ito sa aklat, maaring punahin sapagkat siya ay . . . ang kaniyang katawan ay talagang lantad doon, na . . . at nilagyan namin ng isang maliit na bagay sa palibot sa kaniya rito. Siya ay mayroon lamang isang— isang maliit na tela, tuwalyang nakatakip, paikot sa kaniyang baywang. Ngunit pataas, doon ay wala. At kahit . . . Ngunit naisip namin na lagyan namin ng maliit na piraso ng papel dito at litratuhin ang . . . litratuhin iyon. Iwasan ang mga tao na walang tamang uri ng kalalagayan sa kanilang isipan ng pag-iisip, para hindi nila ako punahin na ilagay ang larawan na iyan sa papel.

<sup>130</sup> At pagkatapos nang sabihin ng doktor na siya ay hindi puwedeng igalaw, at alam niya na ako ay dadalaw sa Englatera, kinailangan niya sila upang ilagay siya sa isang estretser, at buhatin siya patungo sa isang eroplano, at dalhin siya sa London, Englatera, at nagpadala ng isang bantay doon sa eroplano bago pumunta doon sa Palasyo ng Buckingham, nagpadala ng isang bantay doon upang pumunta manalangin para sa kaniya. At siya ay labis na malubha hanggang sa siya ay hindi man lamang magawang magsalita sa akin. Kailangan nilang itaas ang kaniyang mga kamay upang ilagay sa akin.

<sup>131</sup> Alam ninyo kung paano ang London, ilan sa inyong mga kawal ay galing na doon. Ito'y laging napaka-hamog. At ako ay lumuhod doon sa tabi ng isang bintana, at siya . . .

Ang mga luha ay umaagos. Nais niya na . . . hindi ko alam kung papaano siya nagkaroon ng sapat na halumigmig upang magkaroon ng mga luha. Ito'y sadyang mga buto na lamang, balat nakabalot sa kanila; at ang kaniyang—kaniyang mga hita dito sa may baywang ay hindi man lamang halos, tingin ko, parang mga dalawang pulgada paikot, o tatlong pulgada. Ang kaniyang mga ugat ay bumagsak na. Papaano siya nabubuhay, hindi ko alam. Nakita ninyo ang kaniyang larawan makaraan.

<sup>132</sup> Ako ay lumuhod sa gilid ng higaan. Ngayon, siya ay desperado; kung ako man ay makararating o hindi, kanila siyang dadalhin, kahit papaano. At ako ay pumaroon, ang aking puso

ay nagdurugo sa loob ko, sa pananampalataya ng kaawa-awang, munting, namamatay na nilalang na iyan, at ako ay nanalangin ng buong puso na mayroon ako. At nang ako'y nagpasimulang manalangin, isang munting kalapati ay dumating, dumapo sa may bintana, nagsimulang maglakad-lakad, humuhuni. Inakala kong iyon ay isang alaga. Hindi pa ako nakarating sa Englatera kundi isang oras lamang, pumunta lamang mula sa airport doon. At inakala kong iyon ay isang alaga. At nang ako ay tumayo, at sinabing, "Amen," iyon ay lumipad palayo.

At ako ay nagsimulang tanungin ang mga kapatid, narinig ba nila ang kalapating iyon. At sila ay naguusap tungkol doon, at nang pasimulan kong sabihin, "Nakita ba ninyo, kung ano ang ibig sabihin ng kalapating iyon . . ." Ito ay lumabas na,"GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ikaw ay mabubuhay at hindi mamamatay."

At siya ay nabubuhay ngayon. Bakit? Desperasyon. Ang desperasyon ay nagtulak sa babae para kumuha ng isang paninindigan, mabuhay o mamamatay. Ang desperasyon ay isinaayos ito na siya ay makarating doon kasabay ng aking pagdating. At isang tanda mula sa Diyos, Siya ay nagsugo ng isang kalapati, upang ibigay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Desperado!

<sup>133</sup> Nang si kapatid na babaeng, matandang Hattie Waldrop ng Phoenix, Arizona, siya ay naglalakad sa tabing daan, sa aking unang pagtitipon. Ang interno at ang kaniyang asawa ay dinadala siya; kanser sa puso. Siya ay nanindigan, sa pagsisikap na makarating doon sa pagtitipon, ngunit siya napakalala siya ay . . . hindi na makahinga pa, ang dugo ay lumalagos palabas ng kaniyang puso kung saan ang kanser ay kinain doon ang kaniyang puso. Ngayon, kanser sa puso! Iya'y mga labing-walo, labing-siyam na mga taon na ang nakalipas, marahil ay dalawampu, 1947 nang ito ay maganap.

<sup>134</sup> Ngayon, sabi niya sa kaniyang asawa at sa interno, "Kung ako man ay mamatay sa hanay na ito, dalhin n'yo ako doon." Desperasyon. Siya ay nawalan ng malay. Palagay ko siya ay hindi patay; sinabi niya na siya'y patay. Ngayon, maaaring siya nga ay patay. Maririnig niya marahil ang teyp na ito, kita n'yo. Ngayon ako—ako—ako . . . Siya, sinabi niya na siya ay patay; hindi ko alam. Sinabi nila sa akin, "Mayroong isang patay na babae na paririto sa hanay." At nang ang babae dumaan, siya ay walang buhay. At dinala nila siya doon, ang Salita ng Panginoon ay dumating; at ako ay pumaroon at ipinatong ang mga kamay sa kaniya, at siya ay bumangon at umuwi, naglalakad. Ito ay mga, sasabihin ko, na may ingat, labingwalong taon ang nakararaan, at siya'y kasing lusog at masigla . . . Siya'y paparoon sa Tucson upang katagpuin ako kapag ako ay dumating doon. Desperasyon, "Kahit na ako ay mamatay sa daan, basta, subali't

dalhin ako doon. Pinagaling Niya ang iba, pagagalingin Niya ako.” Handa!

<sup>135</sup> Hayaan na ang ating mga puso ay mapuspos ng pag-ibig sa araw na ito, at maging maningas, at mapasa desperasyon. Pagkalipas ng ilang sandali ito ay maaaring huli na.

<sup>136</sup> Si Jairo minsan ay mayroong isang munting anak na babae na agaw-buhay. Siya ay isang may hangganang mananampalataya. Siya ay nanampalataya kay Jesus, subali’t siya ay takot na ipahayag ito, sapagka’t paaalisin nila siya sa sinagoga. Ngunit ang doktor ay dumating isang umaga, at sinabing, “Siya’y agaw-buhay ngayon.” Ang desperasyon ay dumating. Hindi niya makayanan, sa kaniyang katungkulan, na mahuling kasama kay Jesus ng Nazaret, sapagka’t mawawala niya ang kaniyang katungkulan bilang saserdote.

Ngunit sinasabi ko sa inyo, nang ang kagipitan ay dumating, inilagay siya nito sa desperasyon. Nakikita ko siyang naghahanap para sa kaniyang munting damit ng mangangaral at sumbrero, at isinuot ito. Narito siya’y nagdaraan sa gitna ng karamihan, gumigitgit; kung saan mayroon isang babae na kahihipo pa lamang ng Kaniyang damit, at iba pa, at silang lahat ay nagsisigawan. Subali’t siya ay pumasok at sabi, “Panginoon, ang aking munting anak na babae ay nasa bingit ng kamatayan. Panginoon, Panginoon, ang aking munting anak na babae ay nasa bingit ng kamatayan, at kung Ika’y sasama lamang ipatong ang Iyong mga kamay sa kaniya, siya’y mabubuhay.” Oh, naku! Ang desperasyon ay pagsasalitain kayo ng mga bagay kung minsan, pagagawain kayo ng mga bagay. Inilagay kayo nito sa paggawa. Ang kaniyang anak na babae ay naligtas sa pamamagitan ng desperasyon.

<sup>137</sup> Tayo’y maging desperado, tulad ng munting babaing iyon na inaagasan ng dugo. Sinabi ng Biblia na naubos na niya ang lahat ng kaniyang salapi, sa mga manggagamot, at gayon ma’y hindi nila siya matulungan. Siya ay nagsimula sa panahon ng pagiging lipas ng panganganak, na lumalala, at ang isang pag-agas ng dugo, at ito ay hindi maangat. Kanila marahil naipagbili ang bukirin, ang mga mola, ang mga kabayo, at maging ano iyon; at walang makatulong sa kaniya. At ang kanilang mga saserdote ay sinabihan siya na huwag kailanman magpunta sa bagay na tulad niyan. Subali’t isang umaga siya’y tumingin. Siya’y nakatira doon sa may pampang, doon kung saan naroroon ang kaniyang bukirin, at nakakita siya nang malaking lupon ng mga tao nagkakatipon sa palibot ng isang Lalake doon, at sabi nila, “Ano iyon?”

Sabi, “Iya’y si Jesus ng Nazareth.” Desperasyon ay dumating.

Sabi niya, “ako’y tipong hindi gaanong mahalaga. Ako—ako... Subali’t kung mahawakan ko lamang ang laylayan ng

Kaniyang damit, ako’y gagaling.” At kaniyang nilagpasan ang bawat kritiko at lahat ng iba pang mga bagay. Ngunit noon siya’y nakarating sa dako, nahipo niya ang Kaniyang kasuotan, sa desperasyon.

At nang maramdaman Niya, Siya’y lumingon at nagsabi, “Sinong humipo sa Akin?” At itinanggi nilang lahat ito. Ngunit Siya ay tumingin sa paligid. Siya ay puspos ng isang dakilang kaloob ng Diyos. Siya ay Diyos; at natagpuan Niya ang munting babae at sinabihan siyang ang kaniyang agas ay huminto na. Ang desperasyon ay itinulak siya upang gawin iyan.

<sup>138</sup> Desperasyon ang siyang nagtulak—nagtulak sa reyna ng Timog. Narinig niya na ang kaloob ng Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ni Salomon. Ang desperasyon ang nagtulak sa kaniya doon.

<sup>139</sup> Lubos na desperado! Iya’y mga taong nilalang, tulad ninyo, tulad ko. Sila’y walang kaibahan sa inyo at sa akin. Sila’y may limang mga pandamdang. Sila’y kumakain, at umiinom, at iba pa, tulad ng ating ginagawa, nabubuhay at namamatay. Sila’y mga taong nilalang.

<sup>140</sup> Itinulak siya nito sa gayong desperasyon hanggang sa siya ay kumuha ng bahagi ng kaniyang kaharian. Itinulak siya nito sa isang dako hanggang sa hindi na niya naisip ang tungkol sa mga Ismaelita na maaaring nakawan siya doon sa desiyerto, ang kaniyang siyam na pung mga araw sa likod ng isang kamelyo patawid ng Desiyerto ng Sahara. Desperasyon! Siya ay pupunta, kahit papaano. At nang siya ay makarating doon, walang bagay na naitago kay Salomon kundi ipinahayag niya sa kaniya ang mga bagay na nais niyang malaman. Desperasyon! Sabi ni Jesus, “Siya’y magbabangon sa Araw ng Paghuhukom, kasama ang lahing ito, at nahatulan ito, ‘pagka’t ang isang mas dakila kaysa kay Salomon ay narito.” Desperasyon!

<sup>141</sup> Sa pagtatapos maari kong sabihin ito. Di pa katagalan, doon sa Mexico, nakakita ako ng isang bagay na desperado. Kaaakyat ko pa lang sa entablado, doon sa isang malaking palaruan, at ang mga tao ay naroroon na mula pa ika-siyam ng umagang iyon, at halos ika-sampu na ng gabing iyon. Isang matandang bulag na lalaki, ng nakaraang gabi, lubos na bulag ng mga tatlung taon, natanggap ang kaniyang paningin, at lumilibot sa kabayanan ng araw na iyon, nagpapatotoo. Isang kumpol ng mga lumang damit, nakalapag sa marahil mga tatlungpu, apatnapung yarda, *ganyan* kataas, mga lumang balabal lamang. Mayroong mga apatnapu, limampung libong mga tao doon. At mga lumang sumbrero at mga balabal, kung sino ang may-ari sa kanila, palagay ko kanilang pagpapasyahan iyan sa gitna nila. At bumubuhos ang ulan.

<sup>142</sup> At kanila akong pinababa sa isang lubid, pababa ng pader, at ako’y nakarating sa entablado. Ang ministro . . . Ang

lalaki na nauupo rito, dinala nila siya . . . Siya at ang kaniyang anak na babae dumating mula sa Michigan ilang minuto ang nakakaraan, nangusap tungkol kay Kapatid na Arment. Naalala natin siya rito. Siya'y nasa mga lansangan ng Kaluwalhatian ngayong gabi. Si Kapatid na Arment ay naroon noon, at hinubad niya ang kaniyang amerikana, at tumayo sa ulan, at ibinigay iyon kay Kapatid na Jack Moore upang isuot, 'pagka't si Jack ay nanginginig. Ang Taga-timog ay halos manigas sa lamig sa malamig na ulan doon sa Mexico. At naroon siya ay nakatayo doon.

<sup>143</sup> At si Billy Paul ay lumapit sa akin, ang aking anak, at sabi, "Tatay, kailangan may gawin kang isang bagay. Mayroong isang babaeng Mehikana doon na may dalang isang patay na bata na namatay kaninang umaga. Wala akong sapat na mga asiyer upang paalisin siya sa hanay." Kung ang pagpapapatong ng mga kamay sa bulag na lalaking iyon ay nakapagbigay sa kaniya ng kaniyang ng paningin, ang pagpapapatong ng mga kamay sa kaniyang patay na sanggol ay makapagbibigay sa kaniya ng buhay. Siya ay isang Katoliko. At, siya, hindi nila siya mapigilan.

At si Kapatid na Espinoza at sila'y nagsabi sa kaniya na, "Wala na kaming mga tarheta ng panalangin. Ika'y dapat na maghintay hanggang sa susunod na gabi."

<sup>144</sup> Sabi niya, "Ang aking anak ay patay. Ito'y patay na mula pa kaninang umaga. Ako ay kailangang makarating doon." At siya ay pupunta, may tarheta ng pananalangin o wala. At sila ay naghanay ng mga tatlong daang mga asiyer doon. At siya'y lulusot sa ilalim ng kanilang mga hita, at lulundag sa ibabaw ng kanilang mga likod, at tatakbo dala ang patay na batang ito, at babagsak sa kanila. Walang ginawang anumang pagkakaiba sa kaniya; siya ay nagsisikap na makarating doon. Siya ay desperado. Ang Diyos ay nangusap sa kaniyang puso, na, "Ang Diyos ay kayang magbigay ng paningin, makapagbibigay ng buhay." Oh, naku! Siya ay desperado. May bagay na nag-aalab sa loob niya.

<sup>145</sup> Oh, mga taong may karamdaman, kung inyong hahayaan ang pag-alab na iyan sa loob ninyo ng mga ilang minuto, at masdan kung anong mangyayari, ang ganiyang uri ng isang desperasyon. Ang Diyos na makapagpapagaling sa munting batang lalaking ito noong isang gabi, ay mapapagaling ang babaing iyan na may kanser, mapapagaling ang lalaking ito, at gawin ito, si Binibining Florence Nightingale, oh, ang mga makasampung libo-libo! Siya, na, hindi mapapasubaliang katibayan; binubuhay ang patay, at pinagagaling ang karamdaman, at lahat ng iba pang bagay. Kung Siya ay Diyos, ay magagawa iyan; Siya ay Diyos kahapon, Siya ay Diyos ngayon. Maging desperado, kung gayon may bagay na magaganap sa inyo.

<sup>146</sup> Pagkatapos, sa desperasyon na iyan, siya'y patuloy na nagmamadali. Sinabi ko kay Kapatid na Jack Moore, sabi ko, "Hindi niya ako kilala. Hindi pa niya ako nakita. Hindi niya kilala kung sino ang naririto sa itaas ng entablado. Ang munting babaeng Katoliko na iyan, ngayon, hindi makapagsalita kahit isang salita ng Ingles, kaya kung gayon papaano niya makikilala kung sino iyon?" Sabi ko, "Bumaba ka, at manalangin para sa bata at iya'y kukuntento sa kaniya, at siya'y aalis." Sabi, "At hindi magdudulot pagkat. . ." Iyon ay patuloy na kaguluhan doon. Siya'y lulundag, at lahat ay magsisigawan. Siya'y tatakbo sa ibabaw mismo ng kanilang mga balikat, at babagsak doon mismo sa gitna nila. Siya'y makakalapit ng ilang hakbang, at pagkatapos sila'y magsisikap na itulak siya pabalik; at heto siya'y lulusot sa pagitan ng kanilang mga hita, hawak-hawak ang batang ito, dinidismaya ang mga asiyer at iba pang bagay. Walang ginawang ano mang pagkakaiba, siya ay papunta roon. Siya'y kailangang makarating doon! Ito'y walang ginawang anomang pagkakaiba kung ano man iyon, siya'y pupunta roon. Kinakailangan ang ministro. . .

<sup>147</sup> Ngayon hindi ba iyan sadyang isang tulad sa istorya ng babaeng Shunamita? Lamang, iyan ay hindi tatlumpu't-limang daang taon ang nakakaraan. Iyan ay mga tatlong taon ang nakakaraan, o apat. Kita n'yo?

Sila'y maaaring maging gayun ding bagay ngayong gabi. Kapag ang gayun ding desperasyon ay dumating, magtutulak ng pag-ibig at pananampalataya doon sa harapan ng labanan, upang angkinin kung ano ang nais ninyo, sapagka't ito'y isang pangako ng Diyos na maaari n'yong makamtan. Iya'y eksaktong tama.

<sup>148</sup> Ako'y pumihit; ako, ang ministro, o ang ebanghelista sa lugar. Pumihit ako. Ako'y nalungkot para sa babae, ngunit doo'y walang desperasyon. Kita n'yo? Pumihit ako at naisip, "Bueno, si Kapatid na Jack ay mananalangin para sa kaniya, at iyan—iya'y mag-aayos nito." Ako ay pumihit. Sabi ko, "Gaya ng sinasalita ko ngayon, ang pananampalataya. . ."

At ako ay tumingin doon, at mayroong isang pangitain. Nakakita ako ng isang munting bata na naroroon, isang munting may itim na mukha, batang Mehikana na walang ngipin. Iyon ay tumatawa sa akin, nalalagay sa labas roon. Sabi ko, "Sandali. Sandali." Ang kaniyang desperasyon ay nagtulak sa Banal na Espiritu upang baguhin ang aking paksa, binago ang aking mga mata at ipinakita sa akin ang kaniyang anak na nalalagay roon. Iyan ang nagpabalik sa Espiritu. Sabi ko, "Maghintay sandali. Maghintay sandali. Dalhin sa akin ang sanggol."

Heto siya'y lumapit na may dalang isang munting, basa, tumutulong, asul at puting kumot, isang munting, patay na anyo mga *ganyan* kahaba. Siya'y lumuhod, may isang krusipiko sa

kaniyang kamay, o isang rosaryo, para sabihin itong “mga aba Ginoong Maria.” Sabi ko sa kaniya, “Alisin mo iyan, iya’y hindi kailangan.”

At siya ay lumapit ng husto sa aking kinaroroonan, at siya ay sumigaw at humiyaw, “Padre,” na ang ibig sabihin, “Ama.”

Sabi ko, “Huwag mong sabihin iyan. Huwag mong sabihin iyan. Sumasampalataya ka ba?” At sinabi niya iyon sa Espanol sa kaniya, siya ba’y sumasampalataya.

“Oo,” siya’y sumasampalataya. Tinanong niya siya kung papaano siya sumasampalataya. Sabi niya, “Kung ang Diyos ay kayang ibigay sa matandang lalaking iyon ang kaniyang paningin, maibibigay niya sa aking anak ang buhay.” Amen. Ang desperasyon ay itinulak siya doon. Walang ano mang bagay sa aking bahagi; nakita ko lamang ang pangitain.

Sabi ko, “Panginoong Jesus, nakakita ako nang isang pangitain ng isang munting bata, maaaring ito iyon.”

Sa pagkakataon na iyon isinipa niya ang kaniyang paa, nag-umpisang, “Wha!Wha! Wha!”

Sabi ko, “Sundan siya sa doktor. Kumuha ng isang nas. . . nasusulat na pahayag mula sa doktor na nagsasabi, “Namatay ang batang iyan.”” At ang doktor ay isinulat ang pahayag, “Ang paghinga ng batang iyan, ang puso ay tumigil kaninang umaga, sa aking opisina sa ganap na ika-siyam, namatay sa dobleng pulmonya.” Oh, ang bata ay nabubuhay ngayong gabi doon sa Mexico, sa abot ng aking nalalaman. Bakit? Ang desperasyon ay pumasok sa puso ng isang munting ina, umiiyak para sa kaniyang anak, na nakita ang Diyos na gumawa. . . pinagaling ang mga mata ng isang lalaking bulag, at naaman na Kaniyang kayang buhayin ang patay na bata.

<sup>149</sup> Desperasyon! “Kapag iyo Akong hinanap ng iyong buong puso, kung gayon Aking diringgin ka.” Kita n’yo?

<sup>150</sup> Ang Kaharian! “Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan. Mula roon, ang Kaharian ng Langit ay naipangaral, at ang tao ay nagpupumilit na pumasok Dito.” Hindi lamang kayo tatayo sa palibot at sabihing, “Bitbitin ako pataas sa may kuwelyo, Panginoon, itulak ako papasok.” Kayo ay magpumilit na pumasok Dito. Kayo ay maging desperado, sa pagitan ng Buhay at kamatayan.

<sup>151</sup> Sana ay may panahon ako para sa isa pang kuwento, na aking iniisip ngayon mismo, tungkol sa isang babae, dalaga, na lumakad sa maling landas, at kung paano siya nagbuklat ng bagong mga pahina at mga bagay-bagay, hanggang sabihin ko, “Kapatid na Babae. . .”

Siya’y tumayo at sabi, “Aking—aking pinaniniwalaan na ako’y magiging mabuti.”

Sabi ko, “Hindi, hindi! Manatili diyan.”

At pagkatapos, ang unang bagay alam n'yo, siya ay nagumpisang manalangin kaunti, at direkta siya ay lumakas ng lumakas. Pagkalipas ng ilang sandali siya ay naging desperado, sabi, "O Diyos, iligtas ako!"

<sup>152</sup> Ang Alcohol Sinonimo ay hindi kayang pagalingin ito. Walang iba pang bagay na makagawa nito. Subali't yaong malaki, itim na mga mata ay tumingin sa akin, at ang mga luha ay umaagos sa kaniyang mga pisngi; sabi niya, "May bagay na nangyari." Oh, oo! Oo, ginoo! May bagay na nangyari. Siya'y naging desperado.

<sup>153</sup> Tayo'y maging desperado tungkol dito, sa pagitan ng kamatayan at Buhay.

<sup>154</sup> Kung hindi ninyo magawang maging desperado, huwag kayong magpunta rito. Kung kayo ay desperado, pumarito kayo at masdan, kayo—inyong makakamtan ito pagkarating na pagkarating ninyo rito.

<sup>155</sup> Tayo'y manalangin. Sa desperasyon masdan ang Kaharian ng Diyos, Ito'y darating sa inyo.

<sup>156</sup> Aming Amang Makalangit, dalangin ko sa Iyo sa Pangalan ni Jesus, maging mahabagin sa amin, Panginoon. At magpasimula sa amin ng isang desperasyon. O Panginoong Diyos, mahabag sa amin, dalangin ko, at hayaan na ang mga tao ay hanapin Ka ngayong gabi na may desperadong puso. Nalalaman namin na Ika'y naririto, Panginoon. Ika'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.

<sup>157</sup> At ngayon nawa ang mga taong ito na taglay ang Tanda, na sila'y lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay, sila'y nabago mula sa dating buhay na maka-sanglibutan tungo sa isang bago. Sila nga. Ang Dugo ay naipahid na; at, Diyos, bigyan sila ng isang palatandaang Tanda. Nawa kunin nila ang Tanda na iyan sa kanilang mga kamay, silang may karamdaman, sabihing, "Ako'y isang biniling produkto ng Diyos. Ako'y na kay Cristo, at sa Kaniya ay walang karamdaman. Ako ay na kay Cristo, at sa Kaniya ay walang kasalanan. Ako ay na kay Cristo, at sa Kaniya ay walang di-pananampalataya. Aking tinatalikdan ang lahat ng bagay na sinabi sa akin ng diablo. Aking tinatanganan ang aking Tanda na ang aking. . . 'Siya ay nasugatan para sa aking mga katampalanan; Siya ay nabugbog para sa aking kasamaan; ang kaparusahan ng aking kapayapaan ay nasa Kaniya; at sa Kaniyang mga latay ako ay gumaling!' At ngayon hawak ko ang Tanda, na ang Diyos ay kinilala ako, sa layuning iyan, Persona, nabili ng Dugo ng Panginoong Jesus. At hawak ko ang Tanda ng Kaniyang kamatayan sa aking mga kamay, sapagka't Siya ay nabuhay muli, at ako ay sa Kaniya at Siya ay sa akin. Ako ay pupunta na may determinadong pananampalataya, na mula sa gabing ito, ako'y nananampalataya sa Diyos, at ako'y



gagaling kapag ako'y nakarating doon at katagpuin ang mga kinakailangan.”

Sapagka't, ang huling mga Salita na lumabas sa Kaniyang mga bibig, ay ito, “Kung sila'y magpapatong nang mga kamay sa may sakit, sila ay gagaling.” Ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa isang desperasyon ay pumasok, dahil hiling ko ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Kaya ko, Nais ko, Ako'y naniniwala;  
Kaya ko, Nais ko, Ako'y naniniwala;  
Kaya ko, Nais ko, Ako'y naniniwala  
Na si Jesus pinagaling ako ngayon.

Oh, Kaya ko, Nais ko, Ako'y naniniwala;  
Kaya ko, Nais ko, Ako'y naniniwala;

Isipin lamang, “ako'y determinado!”

Kaya ko, Nais ko, Ako'y naniniwala  
Na si Jesus pinagaling ako ngayon.

<sup>158</sup> Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? [Kongregasyon ay nagsasabing, “Amen.”—Ed.] “Ako'y determinado! Ako'y determinado, sa biyaya ng Diyos, na ako'y hindi titigil hanggang ang Bagay na iyan ay tamaan ako. At ako'y pupunta doon upang mapatungan ako ng mga kamay.”

Ngayon, ang Diyos ay hindi tayo binigo kailanman. At ako'y naniniwalang ang dakilang Manggagamot ngayon ay malapit. Naniniwala ako na ang Diyos na sumulat ng Salita, naniniwala ako na ang Diyos na gumawa ng hain, naniniwala ako na ang Tanda ng Diyos na naglilinis sa atin mula sa kasalanan ngayong gabi, ang Tanda, ang Kaniyang Sariling Buhay, ay narito kasama natin. “Ako'y sasa inyo, maging sa wakas ng sanglibutan. Sandali pang panahon at ang sanglibutan ay hindi na Ako masusumpungan, gayun ma'y inyo Akong makikita, sapagka't Ako'y makakasama ninyo, maging nasa inyo, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.” Naniniwala ba kayo diyan? [Kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Ako'y nagtitiwala sa Kaniya. Nananampalataya ako na Kaniyang gagawin ito. Hindi ba? [“Amen.”]

<sup>159</sup> Ngayon, kaagad-agad ng simulan ko iyan, ako'y nakakakita ng mga pangitain na lumilitaw, amen, dakilang mga pangitain ng Panginoon, nangungusap ng dakilang mga bagay. Amen! Kung pasisimulan ko iyan, tayo'y mapaparito buong gabi. Paniniwalaan n'yo ba iyan? Sumasampalataya ba kayo? Amen! Nananampalataya ako ng buong puso ko.

<sup>160</sup> Ang munting babae nauupo doon mula kay Kapatid na Palmer, siya ay isang estranghero sa akin. Siya ay mula sa Georgia, at siya ay naghihirap sa sakit na pambabae. Kung siya'y sasampalataya na ang Diyos pagagalangin siya, gagawin Niya

ito. Hindi ko pa nakita ang babae sa aking buhay, subali't iyan ang nangyari sa kaniya.

<sup>161</sup> Ang munting babaeng iyan, hindi ko alam kung narinig na niya ang Mensahe noon, o hindi, ngunit habang ako ay nangangaral dito, nakita ko siya. Iyo lamang sampalatayanan ito at tingnan kung iya'y tama. Amen. Kung ika'y sasampalataya lamang! Iya'y tama.

<sup>162</sup> Ang babae na nauupo mismo sa likuran dito na may karamdaman sa likod, naghihirap ng lubos, ang kaniyang pangalan ay Gng. Wisdom. Kung ika'y sasampalataya ng iyong buong puso, si Jesus Cristo ay pagagalangin ka. Hindi ko pa nakita ang babae sa buhay ko, subali't siya ay nauupo roon, naghihirap. Siya'y nakasuot ng isang dilaw na bestida. Iyan ba'y tama? Mabuti. Tayo ba ay estranghero sa isa't-isa? Oo. Mabuti, ginoo. Ikaw ay umuwi, gumaling. Si Jesus Cristo ay pinagalangin ka. Amen.

<sup>163</sup> Isa pang babae na kakukuha pa lamang niyan, karamdaman sa likod, nauupo sa banda rito. Siya'y may karamdaman sa likod. Mayroong siyang batang lalaki, at siya'y may karamdaman sa ulo. Uh-huh. Iya'y tama. Gng. Parker ang kaniyang pangalan. Ikaw ba'y sumampalataya ng buong puso mo, at si Jesus Cristo ay pagagalangin kayong pareho. Amen! Tayo'y estranghero sa isa't-isa. Iya'y eksaktong tama. Amen! Manampalataya ng inyong buong puso.

<sup>164</sup> Narito ang isang nakatatandang lalaki nauupo sa likod rito mula sa Michigan. Siya'y mayroong karamdaman sa kaniyang mga tainga. Oh, iniisip niya ang mga tinig, karamdamang espirituwal. Tama ba iyan? Ika'y naniniwala na—na. . .Hindi mo alam kung ito'y Diyos, o ano itong nangungusap sa iyo. Nakakarinig ka ng mga ingay sa iyong mga tainga. Ako'y lubos na isang estranghero sa iyo. Kung iya'y tama, itaas ang iyong mga kamay, at iyan ang nagaganap. Hindi ka na kailanman gagambalain pa niyan, si Jesus Cristo ay pinagalangin ka.

Sinasampalatayanan ba ninyo ang dakilang Manggamot? [Kongregasyon ay nangagalak, sinasabing, "Amen."—Ed.]

<sup>165</sup> Ako'y mangungusap sa inyo, subali't, mula sa Norway, at hindi mo maunawaan, linguaheng Norwegian. Uh-huh. O sige, sabihin sa kaniya na umuwi, na sumasampalataya, kapatid na babae, kung alam mo kung papaano magsalita niyon. Sabihin sa kaniya ang kaniyang karamdaman sa ulo ay iiwan siya. Ngayon, alam n'yo hindi ko siya kilala. Siya'y naparito mula sa Norway, upang mapanalanginan. Bumalik ka, na isang magaling na tao. Amen.

<sup>166</sup> Oh! Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman!" Ano ito? Ito yaong Haliging Apoy. Ito'y ang Banal na Espiritu. Ito yaong Tanda, na si Jesus Cristo ay nabubuhay. At nang ang mga tao, noon, nakita Siya na

ginawa ang mga bagay na yaon, Kaniyang nakilala ang kanilang kaisipan sapagka't Siya ay ang Salita. "At ang Salita ay mas matalas kaysa isang tabak na may dalawang talim, at isang kumikilala ng mga kaisipan at mga haka ng kanilang puso." Amen.

<sup>167</sup> Nakakita ko ang tubig na kumikislap, at ang batang lalaking ito na papalapit. Narinig niya, at nakabasa ng isang aklat sa dako roon, at sumulat, sa Norwegian. Siya'y nakaunawa, mayroong nangusap sa kaniya. Siya'y mayroong kabalisaan, subali't, kung siya'y sasampalataya ng kaniyang buong puso, ang Panginoong Jesus ay pagagalingin siya. Siya'y galing sa malayo, at isang mahirap na bata, diyari, nagsisikap na pumasok. At kami'y magpapatong nang mga kamay sa kaniya, maya-maya.

<sup>168</sup> Sumasampalataya ba kayo? [Kongregasyon, "Amen"—Ed.] Amen! Gaano kahanga-hanga! Oh, naku! "Ang dakilang Manggagamot ngayon ay malapit!" Kapatid na babae, nasaan ang Kapatid na babaeng Ungren na iyan, at iyang isa pang kapatid na babae na iyan sa may piano? Nais kong kayo ay pumarito kaagad, kung nais n'yo, at bigyan kami ng isang awit, "Ang dakilang Manggagamot na iyan ngayon ay malapit, ang maawaing Jesus."

<sup>169</sup> Nais ko na ang mga tao na nasa pasilyong ito *dito*, na nais mapanalanginan, kung maari ay pumarito sa pasilyong ito *dito*, isang pasilyo lamang sa bawat pagkakataon. Kapatid na Neville, gawin mo iyan kung nais mo. Nasaan si Kapatid na Capps o isa doon sa mga taga-panguna ng awit? Paano si Kapatid na Ungren, o Kapatid na Capps, o sinoman, pumarito, ay aawit, pangunahan ang awiting ito para sa atin kung nais mo. Si Kapatid ba na . . . Nasaan ang isa sa mga kapatid na iyon? Mabuti. Mabuti, ginoo, iya'y mabuti. Mabuti. Lahat ay manalangin!

<sup>170</sup> Alalahanin, desperasyon! Nakita n'yo kung ano ang gagawin ng desperasyon? Ang desperasyon ay dadalhin kayo patawid ng dagat. Ang desperasyon ay dadalhin kayo mula sa ibang estado. Ang desperasyon ay dadalhin kayo kahit saan. Isang minamahal na matandang ama at ang kaniyang anak na babae, na may desperasyon, nagsubok na pumasok, pumasok, lahat ng iba pang bagay, at naupo kahit papaano; ilang sandali ang nakaraan ang Banal na Espiritu ay iniligtas ang bagay dito sa pagtitipon, bago pa lamang ako makarating dito. Oh!

Ang pinakamainam na himig na naawit,  
Jesus, pinagpalang Jesus.

Ang dakilang Manggamot ngayon ay malapit,  
Ang maawaing . . .

Panginoong Jesus, ipagkaloob, dinggin ang panalangin ng Iyong lingkod, Panginoon. Dalangin ko na Iyong kakatagpuin ang bawat isa ng mga ito na aming pinapanalangin lubos, sa Pangalan ni Jesus.

. . . ang tinig ni Jesus.

Pinaka mainam na nota sa awitin ng anghel,  
Pinakamainam na ngalan sa dila ng mortal,  
Oh, pinakamainam na himig na naawit.

Hayaan yaong mga desperado ngayon, na tunay na nalalaman na kayo'y mapapagaling. . . Isipin lamang, sa abot ng aking pagkakaalam, sandaang porsiyento nga, mula noong nakaraang Linggo ng gabi, gumaling sa sanlinggong ito.

Ang maawaing. . .

<sup>171</sup> Masdan, Siya'y naparito. Kita n'yo, kayo'y Kaniyang pinagaling na. Kaniyang dinadala ang Kaniyang Salita, Kaniyang pinatunayan Ito, ipinapakita Niya ang Kaniyang Presensiya. Walang sinoman ang makagagawa ng mga bagay na iyon maliban sa Diyos. Alam ninyo iyan. Ito'y ang palatandaan ng Mesiyas. At alam ninyo na ako'y hindi Mesiyas, kaya ito'y Siya. Ngayon narito Kaniyang pinatunayan ang lahat ng bagay sa inyo.

Ngayon ito ay dapat dalhin kayo sa desperasyon. Ito ay dapat na papag-alabin ang dakong ito at hipuin ang isang. . . Hindi, maging gaya lamang ng isang—isang—isang—isang posporo ng isang bariles ng pulbura. Tiyak! At ito ay dapat na mapasabog ang pananampalataya, at—at pag-ibig at ang desperasyon ay dalhin silang mga tao papasok mismo sa Kaharian ng Diyos, upang sumampalataya ng kanilang buong puso. Sumasampalataya ba kayo ngayon, bawat isa sa inyo? [Kongregasyon ay sinabi, "Amen."—Ed.] Mabuti. Ngayon, Billy, kunin mo ang. . .

<sup>172</sup> Tony, tumingin ka rito sa akin sandali. Hindi kita nakita sa mahabang panahon, ngunit ika'y may karamdaman. Ika'y naghihirap sa bagay na tulad ng isang disenterya. Iya'y tama. Iya'y titigil na. Iya'y iiwanan ka na. Nakita ko ang bagay na iyan na sumusunod sa kaniya, habang siya'y nagsisimulang lumakad doon. Wala ni isa mang bagay na maitatago sa Diyos mismo ngayon. Hindi ko nakita. . . hindi ko nakita si Tony ng mga ilang buwan, palagay ko, subali't nakita ko na siya'y nagkakaroon niyan. Mayroon siya nito; wala na sa kaniya ngayon.

<sup>173</sup> Ating iyuko ang ating mga ulo. Walang isa mang mata na bukas. Walang isa mang mata na titingin. Tayong lahat ay manalangin. At si Billy Paul o si Kapatid na Neville, isa man, tatawagin ang susunod na mga hanay kapag panahon na. Ngayon lahat manalangin. Ating susubukin ngayon; ang gitnang pasilyo ay pupunta sa inyong kaliwang panig kapag kayo ay natawag, at gayun din ang—ang kaliwang pasilyo sa banda rito tumungo sa inyong kaliwang panig kapag kayo'y natawag. Si Kapatid na Neville ay tatawagin kayo.

Ngayon, aywan kung mayroong isa man sa mga kapatid dito na nais tumayo dito upang magpatong ng mga kamay sa

mga taong ito habang sila ay pumaparito, kasama ko? Sino man sa inyo mga kapatid na ministro, kayo'y tunay na malugod na inaanyayahan na pumarito at tumayo kasama ko kung nais ninyong gawin ito. Ito'y hindi isang pansariling bagay. Kayo'y may karapatang manalangin para sa may karamdaman kagaya ko.

Alam ko na ang Banal na Espiritu ay narito. Sino man na hindi naniniwala diyan, mayroong bagay na mali sa kanila.

<sup>174</sup> Mabuti, tayo'y manampalataya ngayon ng buong puso natin, upang ang Diyos ay ipagkaloob ang mga bagay na ito na ating hinihiling. Manampalataya ngayon. Huwag mag-alinlangan.

At lahat ay manalangin, para sa isa't-isa. Ano ang sinabi ng Biblia? Ipahayag ang ating mga kasalanan sa isa't-isa; manalangin para sa . . . ”

<sup>175</sup> At kayong mga tao na pumupunta sa hanay, kaagad kapagka ang mga kamay na ito ay nahipo kayo, kayo ay umalis dito na sadyang masaya at pinupuri ang Diyos na kayo'y magaling na.

Mabuti, lahat manalangin ngayon habang si Kapatid na Capps ay pinapangunahan ang mga awitin.

Panginoong Jesus, ngayon ay tulungan kami. Dalangin ko, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, na ang Banal na Espiritu ay hipuin ang bawat tao, at nawa sila ay gumaling habang kami ay sumusunod sa Iyong mga utos para sa pagpapatong ng mga kamay sa maysakit. Sabi Mo, “Sila ay gagaling.” Sinasampalatayanan namin ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Mabuti, lahat ay manalangin ngayon habang ating pasisimulan ang pananalangin. Una, isang munting batang lalaki na may sakit nasa isang upuang de-gulong.

Pagpapatong ng mga kamay sa bata, sa Pangalan ni Jesus Cristo, upang siya nawa ay gumaling.

Oo, ginoo.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo . . . [Si Kapatid na Branham at ang mga ministro ay ipinatong ang mga kamay sa mga yaong nasa hanay ng panalangin, subali't ang mga panalangin ay hindi marinig. Ang kongregasyon ay nananalangin at patuloy na inaawit *Ang Dakilang Mangagamot*.—Ed.]

Ang pinakamainam na himig na naawit,  
Jesus, pinagpalang Jesus.

<sup>176</sup> Ilan sa inyo ang nananampalataya na ang Diyos nga, kayo ay tiyak sa inyong puso, na may natataakang katiyakan, na ang Diyos ay tinugon ang inyong kahilingan sapagka't inyong sinunod ang Kaniyang Salita? Naganap na. Tapos na. Ito'y— ito'y ganap na. Sampalatayanan Siya ng inyong buong puso, na ito ay isang tapos nang gawa.

177 Ngayon masdan ang sanlinggong ito, at kapag kayo ay bumalik muli, masdan kung anong nangyari.

178 Palagay ko, sa susunod na pagkakataon na ako'y makabalik, ang kalooban ng Panginoon, aking gaganapin ang hanay ng pananalangin sa isa sa mga silid na ito, doon sa munting silid na iyon na pagdadalhan ko sa kanila, kita n'yo. Naniniwala akong ito'y nahahayag na ngayon, kita n'yo, ang oras.

179 Nais kong pumarito sa kung saan madadala ko ang mga tao isa isa, makipag-ugnay sa bawat isa sa kanila, hanggang sa masaliksik ko ito ng lubos at masumpungan, at pagkatapos magpatuloy ng ganyan, hanggang sa ako ay manatiling kasama nila mismo sa pagkakataong iyan.

180 Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Kami'y lubos na nagagalak na kayo ay narito. Mayroon ba kayong . . . Kayo ba ay matiyaga ngayon? Kayo ba . . . Kayo ba ay nasa desperasyon, ang inyong desperasyon na mayroon kayo para sa inyong kagalingan? Lahat bang ito ay nawala na ngayon, sa pag-ibig at pananampalataya at pagtitiwala na gagawin ng Diyos kung ano ang Kaniyang ipinakong gagawin? [Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Gagawin ng Diyos.

Mula sa kanilang mga mumunting bata, mayroong dalawa o tatlo sa kanila rito ngayong gabi, sa mga upuang de-gulong, ako . . . Tayo'y mananampalataya para sa kanila, sila'y mga bata, na sila'y mapapagaling, din. Sila'y bubuti. Hindi ba kayo nananampalataya dito? [Kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Ed.] Amen! "Sila ay gagaling." Sila'y dapat na gawin ito. Sinabi ng Diyos ang gayon. At tayo'y desperado, at sasampalatayanan ito ngayon, na ito'y magaganap.

181 Ngayon, ang ating mga gawain ay isang bagay lamang ang napapaloob pagkatapos mismo ng isa pa. Ngayon ating papalabasin ang mga tagapakinig para doon sa mga kailangang umalis. At pinakamainam na nakikita ko, ito'y mga walong minuto hanggang magika-sampu. At, kung kayo ay kailangang umalis, kami—kami ay nagagalak na kayo ay naririto, at nais naming kayo ay bumalik at makasama namin. Ang iba sa inyo, pagkatapos nating tumayo, ay makakaupo muli; at silang mga aalis, umalis ng tahimik kung maaari. At pagkatapos tayo'y magkakaroon ng gawaing komunyong kaagad pagkatapos niyan. Kayo'y inaanyayahan na manatili kung inyong magagawa. Kung hindi ninyo magagawa, pagpalain kayo ng Diyos. Manalangin para sa akin. Ako'y mananalangin para sa inyo. At, alalahanin, panatilihin ang Tanda na nakapahid, at maging desperado na magpumilit na pumasok sa Kaharian ng Diyos. Amen!

Ngayon ating aawitin ang ating awiting pagpapauwi, kung ating magagawa, at, *Isama Ang Pangalan Ni Jesus Sa Inyo*, sa ating pagtayo.

. . . ang Pangalan ni Jesus sa inyo,  
 Anak ng kalungkutan at pagkaaba;  
 Ito'y bibigyan kayo ng kagalakan at aliw,  
 . . . saan man kayo pumaroon.  
 Ngalang minamahal, Ngalang minamahal! O  
 anong tamis, O anong tamis!  
 Pag-asa ng lupa at galak ng langit;  
 Ngalang minamahal, O anong tamis, anong  
 tamis!  
 Pag-asa ng lupa at galak ng Langit.

Makipagkamayan sa isa't-isa, sabihin, "Pagpalain ka ng  
 Panginoon, aking manlalakbay na kapatid na lalaki, kapatid na  
 babae." Taos puso, lubos na katapatan, lubos na paggalang,  
 at mga kaibigang Cristiyano sa tali ng pakikipagkaisa,  
 magkamayan sa mga kamay ng isa't-isa, kapatid na lalaki at  
 kapatid na babae. Pagpalain kayong lahat ng Diyos, sama-  
 sama. Kahanga-hanga!

Mahal ko Siya, mahal ko Siya  
 Sapagka't una Niya akong minahal  
 At binayaran ang aking kaligtasan  
 Sa puno ng Kalbaryo.  
 Sa muling pagkikita! Sa muling pagkikita!  
 Sa muling pagkikita sa paanan ni Jesus; sa  
 muling pagkikita!  
 Sa muling pagkikita! Oh, sa muling pagkikita!  
 Sumainyo ang Diyos hanggang sa muling  
 pagkikita.  
 Sa muling pagkikita! Sa muling pagkikita!  
 Sa muling pagkikita sa paanan ni Jesus; sa  
 muling pagkikita!  
 Sa muling pagkikita! Oh, sa muling pagkikita!  
 Sumainyo ang Diyos hanggang sa muling  
 pagkikita.

[Si Kapatid na Branham ay nagsimulang ihimig ang  
*Sumainyo Ang Diyos—Ed.]*

<sup>182</sup> Ang katamisang ito at pakikipagkaisa ng dakilang Tanda  
 ng Diyos, ang Banal na Espiritu, nawa Siya ay masaganang  
 manatili sa inyong lahat hanggang sa tayo ay muling magkita.  
 Ang biyaya ng Diyos ay sumainyo, sirain ang mga daan ng  
 kamatayan sa inyong harapan; ginagawang malinaw ang inyong  
 landas, upang inyong laging makita si Jesus sa inyong harapan,  
 at kayo ay hindi matitinag.

<sup>183</sup> Amang Makalangit, aming ipinagkakatiwala ang gawaing  
 ito, at ang gawain sa umagang ito, ang mga gawaing iyon at kung  
 anong naganap, at lahat ng kaluwalhatian ay sa Iyo, ibinibigay  
 sa Iyo ang mga pasasalamat at kapurihan sa pagliligtas sa  
 mga tao, at sa pagpapagaling sa mga tao at sa pagbibigay sa

amin ng Iyong dakilang biyaya na inaasahan naming lahat. Iligtas kami. Kami'y tunay na nagpapasalamat sa Iyo para dito. Sumaamin Ka ngayon hanggang sa kami ay muling magkita. Makipagtagpo sa amin sa komunyong. Pumasa gulong ng mga yaon na magmamaneho, Panginoon, patungo sa kanilang mga tahanan. Patnubayan sila patawid sa walang ingat na mga kapistahang ito, upang walang kapahamakan at panganib na dumating sa kanila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ito ay aming hiling. Amen.

Mabuti, *Isama Ang Pangalan Ni Jesus Sa Inyo*, muli ngayon.

Isama . . . Pangalan ni Jesus . . . (Kayo'y  
makakaalis na ngayon, sa Pangalan) . . .  
kasama ninyo,  
Bilang isang kalasag sa bawat panganib,  
Kapag ang mga tukso sa paligid n'yo . . .

Anong gagawin ninyo kung gayon?

Ibulong lamang ang banal na Pangalang iyan  
sa panalangin.

Ngalang minamahal, Ngalang minamahal! O  
anong tamis, O anong tamis!

Pag-asa ng lupa at galak ng Langit;

Ngalang minamahal, Ngalang minamahal! O  
anong tamis, O anong tamis!

Pag-asa ng lupa at galak ng Langit.

Sa Ngalan ni Jesus ay yuyukod,

Nagpapatirapa sa Kaniyang paanan,

Hari ng mga hari sa Langit ating puputungan  
Siya,

Kapag ang ating lakbayin ay ganap na.

Ngalang minamahal, O anong tamis!

Pag-asa ng lupa at galak ng Langit;

Ngalang minamahal, O anong tamis, anong  
tamis!

Pag-asa ng lupa at galak ng Langit.

<sup>184</sup> Ngayon bago kayo maupo, habang ang karamihan ay nananahimik ngayon para sa gawaing komunyong.

Kung hindi ako nagkakamali, hindi ba't ito si Kapatid na Blair, ang ministro na aking nakilala doon sa Arkansas hindi katagalan? Naisip ko siya nga. Hindi ako tiyak. Ikaw ay narito para sa pag-aalay ng bata, isang munting bata, kaninang umaga. Akala ko . . . Hindi ba't nakita kita hindi pa katagalan, dito sa Hot Springs, Arkansas? Kasama mo ay isang . . . May bagay na nalalapit mangyari, at ang Banal na Espiritu ay tinawag ito. Iyan ba ay tama? Mabuti. Ako lamang ay . . . naisip ko lamang noon, naisip ko, "Iya'y ang kapatid na yaon." Ako'y lubos na natutuwa na ika'y narito, Kapatid na Blair.



<sup>185</sup> Ngayon aking hihilingin kay Kapatid na Blair kung siya'y mananalangin sa Diyos upang gawin tayong malinis ngayon para sa komunyong na nalalapit na maganap. Maaari ba, Kapatid na Blair? [Si Kapatid na Richard Blair ay nananalangin—Ed.] Opo. Opo, Panginoon. Ipagkaloob ito, Panginoon. Opo, Panginoon. Opo, Panginoon. Opo, Panginoon. Amen.

Kayo'y makakaupo na ngayon, bawat isa.

<sup>186</sup> At ngayon sa may organ, kapatid na babae, kung lahat kayo ay tutugtog lamang ng *Mayroong Bukal Na Lipus Sa Dugo*. At inyong mapasisimulan ang inyong. . . dalhin sila roon, anoman ang kailangan. Mabuti, ang pagbabasa ngayon, kung tayo'y magiging. . . manahimik sumandali.

Oo, kapatid na babae? [Isang kapatid na babae ay nagsasabi, "Nakuha n'yo ang aking panyolito?"—Ed.] Mabuti, kapatid na babae, tumingin ka lamang dito hanggang iyong matagpuan, iya'y magiging maigi sa gayon, ano man ang naroon. Iyan ba? Mabuti, kapatid na babae.

<sup>187</sup> Mabuti, ngayon si Kapatid na Neville ay babasahin kaayusan ng komunyong.

At pagkatapos ang mga asiyer ay paparito, kung mayroong mga dayuhan dito, sa bawat upuan, at lumagay sa pasilyo bawat pasilyo, sa ating pagparito, at hanay bawat hanay, para sa kumonyong.

<sup>188</sup> At ngayon kayo'y maaaring magmuni-muni ngayon. Alalahanin, ang Israel ay kinain iyon sa desperasyon, at sa paglalakbay walang ni isa mang mahina sa kanila, sa katapusan ng apat na pung taon. Ito ay Makalangit na pagpapagaling, din.

Pagpalain ka ng Panginoon, Kapatid na Neville. [Binasa ni Kapatid na Neville ang sumusunod na Kasulatan, Unang Mga Taga Corinto 11:23-32.—Ed.]

*Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:*

*At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputol-putol, at sinabi, Kunin, kainin: ito ay aking katawan, na pinagputol-putol para sa inyo: gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin.*

*At gayon din naman hinawakan ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito, sa tuwing kayo'y magsisinom, sa pag-alaala sa akin.*

*Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang sarong ito, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.*

*Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon.*

*Datapuwa't siyastatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.*

*Sapagka't ang kumakain at umiinom na 'di nararapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon.*

*Dahil dito'y marami sa inyo ang mahihina at mga masasakitin, at marami ang nangatutulong.*

*Datapuwa't kung ating hahatulan ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan.*

*Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan.*

[Si Kapatid na Neville ay sinabi, “Pagpalain ng Panginoon ang pagbabasa, ang Salita.” Si Kapatid na Branham ay kinuha ang pinagputol-putol na tinapay na nasa lalagyan—Ed.]


<sup>189</sup> Hawak ko ang tinapay na kosher, kulubot at putol-putol, ikinakatawan ang katawan ni Jesus Cristo; sa pamamagitan—pamamagitan ng punit na tabing na ito ay may pagpasok tayo sa Kabanal-banalan ng kabanalan.

<sup>190</sup> Aming Amang Makalangit, ang tinapay na ito ay naihanda upang kumatawan sa putol-putol at punit na katawan na iyon. Nawa ang bawat isa sa amin, sa aming pagtanggap nito, nawa ay maging para bang literal na naming nagawa ang gawang ito. At nawa ay mayroon kaming kapatawaran ng aming mga kasalanan, at ang pagpasok sa Kabanal-banalan ng kabanalan, upang mamuhay sa Iyong Presensiya sa aming buhay sa hinaharap; at sa lahat ng mga araw na aming ibubuhay dito sa lupa, at makasama Mo sa Walang-hanggan magpakailan man. Ipagkaloob ito, Ama. Pagpalain ang tinapay na ito para sa hinangad na layuning iyan. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>191</sup> [Si Kapatid na Branham ay kinuha ang lalagyan ng mga maliit na mga baso na puno ng alak—Ed.] Ang sabi ng Biblia, “Pagkatapos na Kaniyang kunin at pagputol-putulin ng tinapay, sa gayon ding paraan ay kinuha Niya ang saro; at nang Siya ay makahapon, na sinasabing, ‘Ito ay ang saro ng Bagong Tipan sa Aking Dugo, na nabubo para sa inyo!’” Nawa ipagkaloob ng Panginoon ang Kaniyang pagpapala dito sa ating pananalangin.

<sup>192</sup> Panginoong Jesus, hawak ko rito ang dugo ng puno ng ubas, ang katas mula sa ubas. At, Ama, ito'y upang kumatawan sa pinakamamahal na Dugong iyan na naglilinis sa amin, na mula Roon ay dumating ang Tanda. Pinasasalamatang kita para Dito, Ama, at para sa simbolong ito. Sabi Mo, “Ang kakain at iinom

Nito ay may Buhay na walang hanggan, at Aking babangunin siya muli sa huling kapanahunan.” Pinasasalamatán Ka namin para sa pangakong ito. At, Ama, aming dalangin na Iyong linisin ang aming mga puso, sama-sama, upang kami ay maging karapat-dapat sa . . . ang aming pananampalataya; nalalaman na sa aming mga sarili na kami ay hindi karapat-dapat, subali’t ang aming pananampalataya ay hindi mabibigo, na aming tinatanggap ng lubos ang Dugo ni Jesus Cristo. Ipagkaloob ito, Ama.

<sup>193</sup> At paka-banalin ang alak para sa nakatalagang layunin nito. Nawa sinoman ang uminom sa alak na ito ngayong gabi, at tumanggap sa tinapay na ito, ay magkaroon ng kalakasan para sa lakbayin na nalalatag sa hinaharap. Ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa sila ay maging malusog at malakas, at puspos ng Iyong Espiritu, hanggang sa dumating si Jesus. Amen. 

*MGA DESPERASYON* TAG63-0901E  
(Desperations)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng gabi, Setyembre 1, 1963, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1997 ng:

TAGALOG

©1997 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)